# *Pagkikita Ni Joseph Sa Kanyang Mga Kapatid*

. . . na may sapat na boses para makapangusap nang kaunti. At mahapdi po ang lalamunan ko nang medyo matagal na. At—at, nitong umaga, nagkaroon po ako ng grabeng sipon; mukha ngang, sa tuwing magpupunta ako, siyanga, dito sa libis. Kahapon nangungusap ako sa ilang kapatiran noong nandoon kami sa ibabaw ng mga burol sa New Albany, at napatanaw ako sa gawi rito. Sabi ko, "Yun pala ang rason, 'yan mismo." Hayun nga ang mga ulap-ulap na nakalutang dito, at para ngang usok na tinatakpan ang buong bayan. At sa pagkapunta na pagkapunta ko rito, sadyang sa pagkababa ko rito, hayun nga 'yun, kita n'yo, uli, pagdating na pagdating ko rito. Oh, kinakailangan kong magdala ng tolda at umakyat sa ibabaw ng burol, sa kung saang dako, at magkampo. Dahil, tayo'y mga taga-ibang bayan at mga manlalakbay, kung tutuusin, hindi po ba? "Na hinahanap ang isang Bayan na ang Nagtayo at Gumawa ay ang Diyos." Yan ang bagay na kinaiibigan natin. Ngayon mayroon tayong ilang . . .

2 Bago lamang ang gawain, sa umagang ito, at bago ang araling pagtuturo sa Linggong ito, magkakaroon muna tayo ng—ng dedikasyon para sa mga sanggol. At ang kapatid na lalaki ko'y may munting anak na nais niyang maihandog sa Panginoon; ang kapatid ko pong lalaki, sa laman. At marahil, ilan sa inyo na mga nanay at mga tatay rito ay may munting anak na nais n'yong ihandog. Ngayon, maraming beses, sa Biblia . . .

3 At napakarami nating mga dibisyon sa kaiglesyahan, dahil sa iba't ibang teorya tungkol sa pagbabautismo sa sanggol, at kung ano pa. At, ngayon, sila na ang ginagawa nila, ay haya't winiwisikan sila para sa pagbabautismo ng sanggol, nasa kanila na 'yan kung anong paraan ang nais nilang dedikasyon sa bata. Pero, tumutugaygay nga ang buong ito, sa dedikasyon sa Panginoon. Kita n'yo? At ngayon . . .

4 Dahil, ang sanggol, kung pag-uusapan ang kasalanan, wala po ito. Namatay si Jesus para alisin ang mga pagkakasala ng mundo. At ang bata'y hindi nakagawa ng pagkakasala, ito lamang ay . . . Isa itong makasalanan. Ito'y ipinanganak sa kasalanan. Pero noong mamatay nga si Cristo sa Kalbaryo, inalis Niya ang mga kasalanan ng mundo, at ang sanggol ay walang pananagutan hanggang sa dumating siya sa edad ng pananagutan. At sinumang munting sanggol, kahit na gaano pang makasalanan ang mga magulang niya, kapag namatay ang

sanggol, ito nga'y didiretso sa mga bisig ni Cristo, kita n'yo, dahil Kanya nang binayaran ang halaga. Kahit na ipinanganak pa ang sanggol sa kasalanan, at sa pamamagitan man ng pangangalunya o anumang bagay, wala nga 'yung kaibhan, ang sanggol na 'yun ay ligtas sa piling ni Cristo dahil namatay Siya para alisin ang mga kasalanan ng sanlibutan. At kapag—kapag lumaki na ito nang sapat, na nakagawa na ito ng personal na kasalanan, mangyari nga na kinakailangan nitong magsisi para sa bagay na ginawa nito. Pero wala nga itong personal na kasalanan hanggang sa ito'y sapat na ang gulang para makagawa ng kasalanan, na alam na nito ang tama at mali. Pero, ngayon, sinisikap natin sa tuwina na maging malapit sa Biblia ukol sa mga bagay na ito, sa abot ng nalalaman natin kung paano.

5 Ngayon, wala pong Kasulatan sa Biblia, para sa pagwiwisik sa mga sanggol. Ang tanging bagay na masusumpungan natin . . . O, wala pong pagbabautismo sa sanggol sa Biblia, sa anumang porma. Ang tanging dako na masumpungan natin, na nakasulat dito sa Mga Kasulatan, ay noong si Je- . . . "Dinala nila ang maliliit na bata kay Jesus, at kinuha Niya sila sa Kanyang mga bisig at pinagpala sila, at nagsabi, 'Hayaan ninyo ang maliliit na bata na lumapit sa Akin, at huwag ninyo silang pagbawalan, sapagkat sa mga ganito ang Kaharian ng Langit.'"

6 Ngayon, 'yan, ngayon, yamang nakatungo na Siya sa Diyos, at nakaupo sa kanan, ngayon, sa Kanyang korporal na katawan, at nasa Luklukan ng Diyos, at inatasan Niya ang Kanyang Iglesya na humayo sa buong mundo at ipagpatuloy ang mga gawa na Kanyang sinimulan dito noong narito pa Siya sa lupa, na 'yun nga'y, ang pangangaral ng Ebanghelyo, pagpapagaling sa mga maysakit, at dedikasyon ng mga bata, at kung ano pa, kaya naman ang mga mahal sa buhay ay sinasabihan na dalhin nila ang maliliit nilang anak sa Panginoon, sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila sa kanilang pastor, ilalagay sa kanyang mga bisig, at itataas niya sila, sa pamamagitan ng pananampalataya, kay Cristo, at hihilingin kay Cristo na pagpalain sila.

7 At, kaya, kung mayroon kayong munting anak na—na hindi n'yo pa naihahandog sa Panginoon, at nais n'yong dalhin ang bata habang ang kapatid nating babae'y tumutugtog sa piyano, *Bring Them In*, at maaari nating awitin ito. Ilan po ang nakakaalam ng lumang awitin na 'yun, *Bring Them In*? Sige't mainam po. Ngayon, dadalhin po nina G. at Gng. Henry Branham ang kanilang munting anak. At ang iba pa na may mga anak na nais nilang madala rin, sige po, dalhin n'yo sila rito ngayon para sa dedikasyon. Sige po.

Bring them in, bring them in,
Bring them in from the fields of sin;
Bring them in, bring them in, (. . .?. . .)

8 Nais kong ipakita sa inyo ang isa na namang munting Branham, ang munting si Mary Ella Branham. Ang anak na babae po ito ng aking kapatid na lalaki't ng kanyang pinakamamahal na asawa. Na, heto po't lumapit sila sa umagang ito, sa iglesya, para ihandog ang munting sanggol, ang buhay, pabalik sa Diyos, na Siyang nagbigay nito sa kanila.

Ngayon maaari nating iyuko ang ating mga ulo pansumandali.

9 Aming mabuti't Makalangit na Ama, habang nakatayo rito sa harap ko sa araw na ito, ang aking sariling kapatid na lalaki sa laman, at ang kanyang minamahal, na asawang babae. At Iyo pong pinagpala ang kanilang tahanan ng munting Mary Ella na ito, para bigyan sila ng kagalakan sa mga araw na kakaharapin nila. Pinasasalamatan po Kita dahil sa pag-alala nila kung saan nanggaling ang sanggol na ito, at dinadala ito ngayong araw sa iglesya, para maipresenta nila ito pabalik sa Iyo. At akin ngayon ibinibigay ang sanggol sa Iyo, sa mga bisig ng pananampalataya, at hinihiling sa Iyo na pagpalain ang munting ito na aking hinahawakan. At nawa mabuhay ito at lumaki. At kung magtagal pa si Jesus, maging lingkod Mo po ito, para paglingkuran Ka.

10 Iyo pong pagpalain ang tatay at nanay. At, Diyos, Iyo pong ipagkaloob na ang Iyong Espiritu Santo'y pangunahan sila sa paglalakbay na ito sa buhay. At kapag dumating ang araw, kapag ang paglalakbay na ito sa lupa'y matapos na, nawa ang buong malaking pamilya'y magkatipon-tipon na sama-sama sa Kaluwalhatian. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Hanggang sa oras na 'yan, nawa ang bata'y lumaki at mapagpala ng Diyos, maging malusog at malakas, at maging ehemplo ng kababaihan sa mga araw nito na darating. At aming ibibigay sa Iyo ang papuri. Sapagkat iprinepresenta namin sa Iyo ang sanggol ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong Anak. Amen.

11 At ibabalik ko na siya sa inyo. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Panginoon. Buweno.

> Precious memories, how they linger,
> Sent from somewhere to my soul;
> As they linger, ever near me,
> Precious, sacred scenes unfold.

12 Ganoon na lamang ang pagpupuri natin sa ating minamahal na Panginoon para sa lahat nitong maliliit na mga bata! Alam n'yo, tila kakatwa nga na tayo ay mumunting mga bata rin noon na gaya n'yan. At may kung anong bagay sa isang sanggol na di-makasarili, mapagpatawad nang lubos at napakabuti. Maging ang ating Panginoon ay ginawa silang halimbawa, at ang sabi, "Maliban na kayo'y mapagbagong-loob at maging katulad sa isa sa mga mumunting ito," natural na natural.

13 Napansin ko ang munti kong Joseph, kung papaanong nasa edad siya na interesante na sa lahat ng bagay, at winawasto siya ng kanyang nanay. Haya't hihilain lang niya 'yung ilawan, o kung ano pa, para marinig lang 'yun na bumagsak sa sahig. At kung akmang papaluin siya ng nanay niya, o kung ano, dali-dali siyang sasampa sa mga bisig ng nanay niya't yayakapin ang nanay niya nang paganoon.

14 Kinakailangan na maging mapagpatawad tayo, sa isa't isa, gaya ng mumunting mga batang ito, para makapasok sa Kaharian.

15 Ngayon, pinasasalamatan natin ang Diyos para sa munting sanggol na ito, si munting Mary Ella Branham. At nawa mabuhay siya, at lumaki't lumago, at maging isang lingkod ng Panginoon. At nawa ang tahanan na palalakihin siya'y isang Cristianong tahanan, at para siya'y makarating sa paghanga kay Cristo.

16 At ngayon tayo po'y. . .(Salamat, Kapatid na babaing Gertie.) At ngayon nakapunta na ang maliliit na bata sa puwesto nila sa silid para sa pang-Sunday school na mga klase.

17 At kakaanunsyo—kakaanunsyo lang ng pastor kung saan gaganapin ang mga gawain ngayong araw, at bukas, bukas ng gabi. Mamayang hapon, sila'y. . .sa abot ng nalalaman ko, wala pong mga gawain muna, maliban dun sa maliliit na mga pagmimisyon sa Louisville, na mga kakilala natin, sa ating Kapatid na Durban at marami pa sa kanila. Sa palagay ko may Linggong gawain sila ng hapon.

18 Nakatanggap po ako ng maraming tawag. Maraming mga tao ang nasa gusali, at kung ano pa, na kailangan ipanalangin, na mga maysakit at nagdudusa ng labis.

19 Ang kasunod ko pong mga pagtitipon ay sa Cleveland, Tennessee, simula nang Biyernes ng gabi, Biyernes hanggang Linggo.

20 At pagkatapos didiretso kami ng uwi, tapos pupunta sa South Bend, Indiana, at sa dalawang gabi roon ay dedikasyon naman ng templo; kina Kapatid na R. E. S. Toms na taga-Saskatoon, Saskatchewan.

21 At pagkatapos, mula roon, pupunta kami sa Sturgis, Michigan, para sa dalawang gabi na gawain sa Sturgis, Michigan.

22 At pagkatapos magpupunta ng Lima, Ohio, sa mga Baptist, sa Memorial Auditorium doon sa—sa Lima, Ohio. Na magsisimula nang ika-dalawampu't tatlo ng Enero, hanggang ika-dalawampu't pito.

23 At pagkatapos, mula roon, magpupunta kami sa West Coast, pupunta sa malalaking mga pagtitipon sa California at Arizona. Ipanalangin n'yo po kami. Bukas. . .

24 Mamayang gabi, nang alas siyete y media, magkakaroon ng pagi-ebanghelyong mga gawain dito sa tabernakulo, at ang lahat po'y imbitado.

25 At bukas ng gabi, kinakailangan kong. . . Ako po ang mangungusap kina Kapatid na Cauble, sa kanyang—kanyang hatinggabing pagbabantay na gawain. Ako po'y. . . Yung bahagi ko'y magsisimula nang alas nuwebe, hanggang mga alas nuwebe y media.

26 Pagkatapos babalik po ako sa tabernakulo rito, kung saan ang pagtitipon ay idinadaos na nang oras na 'yan, may mga bumibisitang pastor at mga ministro na paparito, para makibahagi sa panggabing gawain bukas. Kung nais n'yong mapakinggan ang mga pastor na mangusap at magpahayag ng paraan nila ng pagsasabi sa inyo kung paano simulan ang bagong taon, at kung anong gagawin, hayan po, mula sa mga pananaw ng Kasulatan, hayan nga, siguraduhin n'yo na narito kayo bukas ng gabi. Ang gawain ay magsisimula nang alas siyete y media, gaya ng kinagawian, alas siyete y media po. At tuluy-tuloy po 'yun hanggang hatinggabi, Linggo ng gabi, at pagkatapos. . . o, Lunes ng gabi, ang ibig kong sabihin. Tapos, pagkatapos ng alas nuwebe, kapag natapos na ako kina Kapatid na Cauble, didiretso po ako pabalik dito sa tabernakulo, para simulan, at marahil, siguro, tapusin 'yung pangangaral na nais kong simulan sa umagang ito. O, ako. . . medyo gugugol po kasi ito ng mahabang oras.

27 Mabagal po kasi ako, alam n'yo, pero nais ko pong mailatag Ito sa tamang uri ng pundasyon. Kaya, di magiging kapaki-pakinabang kung magiging kalat-kalat Ito. Kaya nais kong ilatag Ito riyan, at patubuin at payabungin para sa Panginoon.

28 Ngayon, may isang—isang ministro rito ngayong umaga, isang batang-bata pang ministro sa palagay ko, sa tingin ko, nasa Bel Air Motel siya. Kakatagpuin ko nga siya nang mga alas dos o alas tres, ngayong hapon. At, o, nandito na ba siya, siyanga? Mangyari nga, na nakalimutan ko lang ang pangalan ng kapatid. Manggagaling pa siya ng Tennessee. Pinagaling siya noon mula sa baling likod, sa pagtitipon ko, at pumasok siya sa pagmiministeryo. Ang kapatid na ito, *nariyan* pala. Buweno. Mainam nga. Doon sa. . . Mula nga sa. . . Dalawa o tatlo yata 'yun, tama ba? Aking. . . [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Tatlo po."—Pat.] Tatlo; tatlo hanggang apat. Sige.

29 At tapos may isa pang ministro, hindi ko lang alam kung nandito siya o hindi. Nanggaling pa siya ng hilagang British Columbia. Isang araw, noong nagtatali ako ng mga sakong sisidlan, sa ilang mga kabayo, sa palagay ko, o kung ano; 'yung balbas ko nga'y *ganoon* nang kahaba, kagagaling ko lang sa isang biyahe para sa pangangaso; maraming taon na ang

nakalipas. May lalaki na lumapit at ang sabi, “Hindi po ba kayo si Kapatid na Branham?”

30 May nakatagpo akong kabataang babae sa isang tindahan, ang sabi niya’y hindi pa siya nakakakita kailanman ng isang bab-. . . o—o hindi pa siya kailanman nakakakita ng siyudad, isang malaking siyudad. At sa palagay ko nakatira ang babae nang apat o limang daang milya mula sa siyudad, marahil mas malayo pa, daan-daang milya mula sa kalsada para sa mga sasakyan, sa isang munting bayan na tinatawag na East Pines. Sa palagay ko may isang tindahan doon. Doon sa loob mismo, may mag-asawa na lumapit.

31 At papunta sila noon sa Cuba. Iniisip ko kung nandito ba sila ngayong umaga, opo, na mga taga-hilagang British Columbia? *Nandito* nga sila. Buweno, pagpalain ang puso mo, kapatid. Ikinagagalak namin na makasama kayo ng maybahay mo, mga misyunero, na dumaan dito sa inyong paghayo. Tinawagan niya ako, ngayong umaga, mula sa—mula sa Star Motel. Pagpalain kayo ng Panginoon. Alam ko na ang lahat ng mga kapatiran ay may kagalakan na makipagkamay sa inyo. At ang isang lalaki na, sa pamamagitan lang ng litrato, ay makikilala ako kahit ganoong kalago ang balbas ko, siya nga’y may matalas na pagkilala. Napakainam po.

32 At sila po’y magigiting, ’yung dako nga roon ay walang katao-tao, halos, doon sa East Pines. At mangyari nga, mahirap sabihin kung gaanong kakaunti ang mga tao sa probinsyang ’yun, pero, sa kabila nun, nagtungo sila roon bilang mga misyunero, na nagsisikap makagawa ng isang bagay para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Tunay po na kinalulugdan ko sila nang buong puso ko. Alam ko na lahat kayo’y nais n’yong makamayan sila at makapakinig tungkol sa malaking hilagang-kanluranin na probinsyang ’yun. At, ngayon, pagkatapos ’yung. . .

33 Sa palagay ko malubha pa rin ang sakit ng nanay ni Gng. Roberson. Kailangan ko siyang bisitahin mamayang hapon, at alalahanin n’yo po na manalangin para sa kanya. Yun po’y. . . At pagkatapos, loobin ng Panginoon, babalik ako rito uli nang alas siyete y media mamayang gabi. Sa palagay ko nandiyan sa likod ang mga McSpaddin, dahil maghahapunan kami kasama sila nang mga alas sais, at para may oras pa kami na makabalik.

34 At pagkatapos nais naming bisitahin si Gng. Burns. Nandito ba si Kapatid na Burns, sa umagang ito? Nandito ba siya? Sige. Hindi lang kita nakita agad, Kapatid na Burns, na nakaupo riyan. Si Kapatid na babaing Burns po ay malubha ang sakit, malubha ang sakit.

35 At nandun ako nung isang gabi, para makita siya, at malubha ang sakit niya. At napakagiting niyang babae. At nais natin ang lahat ay palaging nanghahawakan sa Diyos, dahil, sa paglalahad nito sa paraan na ito, na di nalalaman kung sino

ang paparito; pero kakailanganin nga ng himala ng Diyos para maipanumbalik si Kapatid na babaing Burns sa simbahan muli. Ganoon nga.

36 Mangyari nga, na ang minamahal niyang asawang lalaki'y nakalabas na ng ospital doon, sa Veteran's Hospital, na may kanser, tinaningan nang mamatay, at pinagaling siya ng Diyos. At heto siya, na nakabalik na ng simbahan, at napakaayos na ng kalusugan uli gaya ng maaasahan sa ganitong uri ng panahon. At noong pagalingin siya ng Diyos mula sa malubhang paglaki ng pali, dahil nagkakanser 'yun, na parehong bagay, taon at mga taon na ang nagdaan.

37 At naalala ko 'yung mismong panahon, habang nakaupo roon si Kapatid na Wood. Nasa isang munting bakasyon ako noon. Nasa kakahuyan kami, na nangangaso ng squirrel, at may isang Bagay na nagsalita sa akin, "Umuwi ka." Umuwi ako. At kung bakit kinailangan kong magpunta ng Louisville, hindi ko alam. At si Kapatid na Wood, na sa Louisville na mismo lumaki, nagmaneho siya roon sa maling bloke, nagpaikot-ikot, nagpaikot-ikot, nagpaikot-ikot, sinisikap na sunduin ako. At pinapanatili kasi ako noon ng Diyos sa isang kanto, pinahihintay si Kapatid na babaing Burns para magtungo roon at sabihin sa akin. At siya mismo, ang magiting na babaing 'yun, siya'y dumating para sabihin sa akin na ang asawa niyang lalaki'y naghihingalo na roon sa ospital, noong magtungo kami roon at manalangin.

38 At lumuhod siya, at kinuha 'yung litrato, 'yung litrato na pinakuhanan ng Panginoon ang Kanyang litrato, 'yung Haliging Apoy. . . Lahat kayo'y nakita n'yo na ito, sa palagay ko. Inilapag 'yun sa sahig. Tapos ang sabi niya, "Minamahal na Diyos ng Langit," sabi niya, "tulungan Mo po akong mahanap si Kapatid na Branham agad-agad. Kinakailangan kong gawin ito." Tapos ang sabi niya, "Anghel ng Diyos, ituro Mo po ang daan ko papunta sa kanya." Ganoon lang ang kinailangan. At tumayo na siya, at nagpunta sa bayan, para magbayad ng babayarin sa bahay, at kakatwa mismo na itinuro siya sa isa pang kanto. Haya't isinugo rin ako ng Diyos mula sa kakahuyan, papunta sa Louisville, at pinanatili ako roon sa kanto nang kalahating oras, tanaw-tanaw si Kapatid na Wood na maling kanto palagi ang nililikuan doon, sinusubukang sunduin ako, ganoon nga. Kita n'yo?

39 Ngayon, alam natin na batid ng Diyos na nakaratay ang Kanyang munting anak na babae roon, at inaasahan nga Niya kayo na manalangin ng panalangin ng pananampalataya. Gagawin natin ang lahat ng magagawa natin.

40 Isa pang bagay na nais nating sabihin sa umagang ito, nang hindi lang nakayuko ang ulo, kundi mga puso rin, sa isa sa pinaka tapat na lalaki na aking. . . isa sa kanila, na nakatagpo

ko sa buong buhay ko, ay si Kapatid na Higginbotham. Ang kanyang. . . Ang ating pinakamamahal na kapatid na babae'y sumakapiling na ng Panginoong Jesus. Isang magiting na sundalo ng Diyos; ilang beses ko nga siyang nakikita na dumudulog sa may altar! Ang pananabik niya, sa tuwina, ay makadako sa pilang ito para sa pananalangin, kung saan sasaysayin sa kanya ng Espiritu Santo kung ano ang suliranin. Kinapapanabikan niyang gawin 'yan. At ilang beses din na lumakad siya sa may entablado rito, na sinisikap masumpungan kung ang espirituwal na pagkilala ay—ay darating. At sa ibang mga pagtitipon at iba't ibang lugar ay sinikap niya, pero hindi nga dumarating, sa kung anong kadahilanan.

41 At pagkatapos, ilang linggo lang ang nakararaan, habang naglalakad ako roon sa ospital, noong mabalitaan ko na may sakit siya, at gabing-gabi na noon. At noong magtungo ako sa ospital at naupo sa tabi niya, doon nga'y bumaba ang Espiritu Santo; at nagkabuhay mismo at isiniwalat ang lahat, at tinukoy mismo nang eksakto kung nasaan ang suliranin. Pero, ang kakatwang bagay po, hindi na naghahangad si Kapatid na babaing Higginbotham na manatili rito nang matagal pa. Nais na niyang yumao na. May Bagay mismo na tumatawag sa kanya. Tumugon siya sa tawag na 'yun noong isang araw para makapiling ang Diyos. At lagi kong aalalahanin 'yun. Opo. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

42 Hindi nga nakapagtataka na nakakaramdam ka ng di maganda kapag nagtutungo ka sa isang siyudad; na tinanggihan na nito ang Ebanghelyo. Yan po ang problema. At sentensyado na ang bayan na 'yun. Yung pagbaha noong '37 ay magmimistulang wala pa 'yun, hanggang sa ang bayan na ito'y magwakas. Anupa't, oo, sentensyado na ito, nang ganap na ganap. At 'yan po ang rason ng sulat-kamay sa pader.

43 At, ngayon, nakakalungkot nga. Haya't may ari-arian kami, mga kagamitan dito, pero nabalitaan ko noong isang araw na may mga kapatid tayo rito na natiketan dahil sa pagparada kahit nasa gilid na mismo ng bakuran ng simbahan diyan. Nakakahiya po! Babayaran ko po ang tiket kung maipapakita n'yo 'yun. Nakakalungkot nga. Siyanga, po. Buweno, tayo, rito, iniisip ko kung 'yung. . . Iniisip ko nga na sa atin pa naman 'yun. Kung tutuusin, 'yun ang sinasabi ng titulo. Siguro'y iparada n'yo nang mas banda pa rito, at siguro di kayo matitiketan doon. Pero ikinagagalak ko po na ang dako na ating patutunguhan ay hindi sila roon naniniket. Hindi po ba't ikinagagalak n'yo 'yan? Tama. Kahanga-hanga nga. Oo, ganoon nga. Ngayon, hindi ako. . .

44 Sisikapin ko pong mangusap nang kaunti, sa umagang ito, dahil may sipon po ako sa ulo, at may bara. At—at nais kong kumuha ng paksa mula sa Lumang Tipan, at magturo nang kaunti, loobin ng Panginoon. At pagkatapos marahil, mamayang

gabi, kung makabalik ako, loobin ng Panginoon, makabalik sa oras, at hindi masyadong pagod.

45 Oh, bigla ko pong naalala, rin. Si Kapatid na Kelly na nakaupo rito, at si Kapatid na babaing Kelly, pupunta sila, sa . . . Pumunta po kayo nang madali, pagkatapos ng hapunan, dahil abalang-abala po ako mamayang hapon, dahil sa maraming bagay, Kapatid na Kelly. Naalala ko noong isang gabi, doon, papaalis na ako noong dumating kayong lahat. Buweno. [Isang kapatid na babae ang nagsasabi, "Magpupunta po ba kayo, Kapatid na Branham?"—Pat.] Ngayon, ayos—ayos lang, po.

46 Ngayon, kaya naman, ipanalangin n'yo ako, at ipanalangin ang . . . aking mga desisyon, ukol sa Panginoon, ay maging—maging para sa Kanya, sa abot ng pinakamainam ko na makakaya.

47 Ngayon, nais nating bumuklat sa lumang Aklat, sa luma, sa huli . . . Sa unang Aklat, sa Genesis 35, at nais nating basahin ang munting bahagi ng Mga Kasulatan dito mula sa Aklat ng Genesis. At nananalangin tayo na idagdag nang sagana ng Diyos ang Kanyang mga pagpapala bilang pambungad na tagpo ng bagay na nais nating ituro.

48 At ilan po ang gustung-gusto ang pagtuturong aralin sa Linggo? Oh, 'yan nga'y . . . Ilan po ang nakakaalam kung saan ito nagmula? Wala po akong nakikitang kamay. Ito nga'y . . . Ilan po ang nakakaalam kung ano ang tawag dito noong una? Nasaan ang maybahay ko? Dapat alam niya 'yun. Buweno. Isa 'yung . . .

49 [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Kapatid na Branham?"—Pat.] Ano po 'yun? ["Misyune- . . . May isa pang misyunero rito sa umagang ito."] May isa pa palang misyunero. Pagpalain ka ng Diyos. ["Kapatid na Naber."] Kapatid na ano po? ["Kapatid na Naber."] Kapatid na Naber, nasaan po siya? Maaari mo bang itaas ang iyong kamay, Kapatid na Naber? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Ang maybahay mo ba ang kasama mo? Sige't napakainam. Ikinagagalak namin na makasama ka at ang iyong pamilya sa umagang ito. Alam mo na nasa kalooban ka ng Diyos. Kita n'yo? Marapat lamang, kapag isa kang misyunero, kita mo. Dahil, ang pangunahing atas ay, "Humayo sa buong mundo at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang."

50 Isang lalaki na isang misyunero! Ngayon, di ko—di ko masyadong iniisip . . . Napakagandang salita po n'yang *misyunero*, pero may mas mainam pa akong salita para rito. Isa kang apostol. Kita n'yo? Tama. Ngayon, anong ibig sabihin ng salitang *apostol*? "Isa na isinugo." Anong ibig sabihin ng salitang *misyunero*? "Isa na isinugo." Pareho po 'yun. Hayan nga, na ang mga misyunero, mga propeta, ebanghelista, mga guro, at mga pastor, sila ang bumubuo sa Iglesya. Tama po ba? Mga apostol, mga propeta . . . 'yun ang tawag. Kaya, basta't isa

kang misyunero, o isang apostol, isa kang isinugo ng Diyos, sa isang misyon, at lagi kang tama. Pagpalain ka ng Diyos, ’yan po ang aking—aking panalangin.

51 Sina Kapatid na lalaki’t Kapatid na babaing Foss ay papunta sa Cuba, sa dako ng mga pagmimisyon. Galing nga sa nagyeyelong dako ng hilaga, papunta sa tropikong kagubatan ng timog, dahil ang Ebanghelyong ito ay kinakailangan na maipangaral sa buong mundo. Amen. Grabeng pagbabago!

52 Taga-saan ka, kapatid? [Sinasabi ng kapatid, “Papunta sa Israel ngayon, kapatid.”—Pat.] Papunta sa Israel.

53 Oh, nais kong. . . Nakikita ko si Mabel na nakaupo riyan sa likod, tatawagin ko ang maybahay ko at si Mabel, para awitan kayo:

> Sa Silangan at sa Kanluran sila nanggaling,
> Nagmula sila sa malayong lupain,
> Para makapiging ang Hari, para makisalo bilang Kanyang panauhin;
> Lubos na pinagpala sila na mga nangingibang-lupain!
> Nasisilayan ang Kanyang banal na mukha,
> Na sumisinag sa Makalangit na liwanag;
> Mga pinagpala na makibahagi sa Kanyang biyaya,
> Bilang mga hiyas sa Kanyang korona na mangingislap.

54 Hindi ba’t kahanga-hanga sa araw na ’yan! Amen. Pagpalain ka ng Panginoon, sa pagtungo sa Israel; at ikaw, sa dako na pupuntahan mo; ’yan ang mga pagpapala ko sa inyo na mga kapatid sa umagang ito. Amen.

55 Ngayon, bago natin buklatin ang Biblia. . . Alam natin na ito ang teksto, at ang Diyos ay may kontekstong nakasulat sa pagitan ng mga talata, kita n’yo. Kaya, maaari nating basahin ang teksto at ipaubaya sa Diyos na ibigay sa atin ang konteksto. Kaya iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali, para sa pananalangin.

56 Makalangit naming Ama, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, dalangin namin na Iyong kunin ang Mga Salitang ito na babasahin po namin ngayon, at pagputul-putulin ang mga Ito sa aming mga puso. At nawa kami’y makadulog nang may kayumian, may kataimtiman, may pagpapakumbaba, may pagpipitagan, tungo sa Iyong Presensya. At nawa’y kunin ng Espiritu Santo ang Salita ng Diyos at ipakain sa bawat puso. Isama rin ang aking puso roon, Iyo po bang magagawa, Panginoon? Sapagkat hinihiling ko ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

57 Sige po, babasa tayo ng isa o dalawang talata, rito, para makapagbigay tayo ng munting pambungad na tagpo. Ang

Genesis po ay binhing kabanata, alam natin 'yan. Sige po. Simulan natin sa ika-15 talata.

> *At nasumpungan siya ng isang tao,...narito, na siya'y naggagala sa parang: at siya'y tinanong ng taong yaon, na sinasabi, Anong hinahanap mo?*
>
> *At kaniyang sinabi, Hinahanap ko ang aking mga kapatid: ipinamamanhik ko sa iyo,...saan sila nagpapastol.*
>
> *At sinabi ng tao—at sinabi ng tao, Nagsialis na sila* mula roon; *sapagka't narinig kong kanilang sinabi, Tayo na sa Dotan. At sinundan ni Joseph ang kaniyang mga kapatid, at nasumpungan niya sila sa Dotan.*
>
> *At kanilang natanawan siya sa malayo, at bago nakalapit sa kanila,* nagbanta sila...*sa kaniya na siya'y patayin.*
>
> *At nagsangusapan sila sa isa't isa, Narito, dumarating itong mapanaginipin.*

58 At nawa'y ipagkaloob ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa Kanyang Salita. Ngayon, ang Genesis sa tuwina, sa akin...

59 Nasabi ko ba kung anong kabanata 'yun? Nasa Genesis po. Sa palagay ko po, kung nakita ko, Genesis 37, at sinimulan sa ika-15 talata, at para sa inyo po na minamarkahan ito. Ngayon tayo...Sa palagay ko parang 35 'yung nasabi ko, kanina. Nagkadikit po itong dalawang pahina rito. Pasensya—pasensya na po. Ito pong munti't lumang Scofield na Biblia, haya't medyo nahihirapan po akong basahin, dahil lampas kuwarenta na ako, alam n'yo na. At ang aking...

60 Sinasabi nila sa akin na magsalaming-pambasa na raw ako. Nagtungo ako at pinatingin ko ang mga mata ko, kaso noong makapunta na nga ako ay kinakailangan ko namang ilayo nang husto ang Biblia kapag nagbabasa ako. At sinasabi ng doktor na di sasapat 'yung haba ng bisig ko, kalaunan, para ilayo ito. At kinakailangan ko raw...Ang sabi'y kinakailangan ko raw ng salaming-pambasa. Pinatingin ko ang mga mata ko, at ganap na pasado nga, ten-ten. Anupa't nakikita ko maging 'yung hibla ng buhok na nasa sahig, sa kung saan, nang madalian. Pero kung ilalapit nga 'yun sa akin...Sabi niya, "Kapag sumapit ka na..." Sabi, "Ano ba ang nagbubunsod para mag-uban ang buhok mo?"

Sabi ko, "Hindi ko alam."

61 Sabi niya, "Katandaan." Ha-ha-ha! Sabi niya, "Yan nga ang nagiging suliranin sa mga mata ng isang tao pagkalampas niya ng kuwarenta. Ikaw, kung tutuusin, umiimpis ang mga itim ng mata. At kinakailangan n'yo na—na matiis ito, ganoon lang." At ipinagpapaliban ko lagi. At, kaya, wala lang kasi akong oras

para pumunta, pero ako—ako nga'y pupunta baka sa susunod na araw, at kukuha ng—ng salaming-pambasa para makapagbasa, kapag ako po'y magtuturo pa nang marami-rami. Pero hayan ngayon na binasa ko ang isang teksto at tuluy-tuloy na. At ito pong. . . Nakuha ko po ang Bibliang ito maraming taon na ang nagdaan, at talagang, napakaliit ng pagkakalimbag ng mga letra.

62 Ngayon, sa Genesis, ang ibig sabihin ng *Genesis* ay "ang pasimula," ang binhing kabanata. At alalahanin n'yo, na, ang lahat ng mayroon ngayon, ay nagsimula kung tutuusin sa Genesis. Yun ang pasimula ng lahat ng mga bagay. Yun ang pasimula ng—ng kaligtasan. Yun ang pasimula ng kasalanan. Yun ang pasimula ng lahat na mga kulto. Yun ang pasimula ng tunay na Iglesya. Yun ang pasimula ng huwad na iglesya. Yun ang pasimula ng katuwiran. Yun ang pasimula ng pandaraya. Yun ang pasimula ng lahat na mga bagay, nagsimula sa Genesis.

63 Sana may tatlong buwan tayo para rito, na mamalagi lang sa isang paksa na ito, at talagang magpakalalim, pagbigkis-bigkisin sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng mga tali ng Diyos, at balutin mismo ito na magkalakip-lakip. At masdan n'yo kung papaanong ang bawat Salita ay tumutugma nang husto sa iba pang Mga Salita. Napakagandang bagay nga!

64 Nakakapagbigay-sigla mismo ang Salita ng Diyos! Kahit na ano pa ang kapanahunan, ano pang panahon, bawat tao na magbabasa ng Tekstong ito, sa pamamagitan ng. . . Naisulat nga Ito nang aabot sa daan-daang taon na ngayon, siyanga, halos tatlong libo, higit pang, mga taon. At bawat tao na nakabasa na ng Tekstong ito, sa bawat kapanahunan, ay nabibigyang-kasi Nito, kita n'yo, bawat talata ng Kasulatan. Wala ngang anumang bagay na makapapalit sa lugar Nito.

65 Ang isang sulat na isinulat sa nakaraang ibang panahon, kapag ito'y binasa para sa kapanahunan na 'yun at para sa layunin nun, 'yun na 'yun. Marahil susulatan ko kayo ng liham, at sasabihin, "Minamahal kong kapatid, ngayong araw ay nagtungo ako sa isang partikular na lugar at ginawa ang ganito-at-ganoon, nang ganitong oras." Yun nga'y direkta sa inyo, at 'yun na mismo 'yun. Marahil bilang ebidensya sa korte o kung ano, maaari 'yung ilabas bilang ebidensya laban sa akin o pabor sa akin, para patunayan ang isang bagay para sa akin, o patunayan ang isang bagay laban sa akin, pero hindi nga 'yun direktang mensahe na dapat sana ganoon kapag ibinigay ito sa iyo.

66 Pero hindi ganoon ang Biblia. Ibinigay ito sa sangkatauhan, at para sa lahat ng panahon at para sa lahat ng mga kapanahunan, dahil Ito ang nasusulat na Salita ng Diyos. Kita n'yo? Ang Mga Salita Niya ay di kailanman nabibigo. Hindi namamatay ang mga Ito, at hangga't may Walang Hanggan, nang

magpakailan-kailanman, mananatili pa ring ganoon ang mga kahulugan nito, dahil ang Mga Ito'y nanggaling mismo mula sa mga labi ng Diyos. Kita n'yo? Hinding-hindi mabibigo! Isipin n'yo nga 'yun, kung gaanong Kawalang Hanggan ang Salita ng Diyos. Ang mga Ito'y Buhay.

67 Ngayon, ano ang isang salita? Ang isang salita'y kaisipan na nahayag. At kapag ang Diyos ay mag-iisip minsan ng kahit anong bagay, 'yun nga'y kaisipan pa lang. Pero kapag ito'y nahayag na, hinding-hindi nga ito kailanman mababago o mapapalitan. Kinakailangan mismo na manatili Ito magpakailanman.

68 Dahil, kung ano kayo ay ganoon din ang inyong salita. Kung ano ang Diyos ay ganoon din ang Kanyang Salita. Ang inyong salita ay bahagi n'yo mismo. Kung gaano kayo katapat ay ganoon din ang pangako n'yo. At ang pangako ng Diyos ay ganoon din kung gaano Siya katapat.

69 Ngayon, sa pagiging mortal, makapagbibitiw ka nga ng pangako at babaliin mo naman ito, dahil nga mortal ka lang. Mortal lang ako. Pero, ang Diyos, yamang imortal, at walang hangganan, at pinaka makapangyarihan, sumasalahat ng dako, magbibitiw Siya ng isang pahayag, at alam Niya ang dulo mula sa pasimula, at magagawa Niyang tuparin ito.

70 Tinawag ni Abraham ang mga bagay na wala pa, na tila ba umiiral ang mga ito, dahil ganap na kumbisido siya, na ang bagay na ipinangako ng Diyos, ay may kakayahan ang Diyos na ipamalas ito, dahil hinding-hindi Siya gagawa ng pangako maliban na alam Niya kung ano ang mangyayari.

71 Nakita n'yo na kung papaano tayo makasasandig sa Kanyang Salita kung ganoon? Kahit na gaano pang kalakas ang ihip ng bagyo, anuman ang kontra laban Dito, kayo nga'y manangan nang taimtim sa Salita. Sinabi Ito ng Diyos, Siya na naroon sa kabilang panig ng bagyo. Kita n'yo? Kita n'yo, kaya kung kayo'y may sakit, iangkla n'yo lang ang inyong kaluluwa sa Kanlungan ng Kapahingahan. Kung kayo'y nagugulumihanan at nababalisa, alalahanin n'yo, ang sabi Niya, "Ako'y sasainyo sa tuwina, maging hanggang sa dulo ng mundo." At Siya'y . . . ang sabi Niya, "Lahat ng mga bagay ay lumalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Panginoon," kaya manatili kayo mismo roon.

72 May isang lalaki na sumulat, isang makata ang sumulat, "Ang aking angkla'y nakakapit sa loob ng tabing." Ano ang isang tabing? Isa 'yung bagay na inihihiwalay 'yung narito mula sa Naroon. At ang angkla ay nasa loob nung tabing. Hindi n'yo nakikita kung paano ba, pero alam n'yo na may bagay na humahawak mismo sa inyo, na nakatangan mismo Roon.

73 At kapag ang dagat ay mahangin at mabagyo, inyo na bang . . . Sa palagay ko marahil ilan sa inyo ay di pa nagkakaroon

ng pribilehiyo na makakita ng isang barko na nakaangkla. Oh, grabe! Nakasakay na ako sa mga ganoon kapag inihahagis nila 'yung pandagat na angkla nang *paganoon*, hanggang sa 'yung maliit na bangka'y di papaibabaw sa—sa alon. Susuungin mismo 'yung alon. Pero hangga't 'yung angkla'y nakakapit, 'yun nga ang bagay na mahalaga.

74 Tayo man ay pumaibabaw dun, pumailalim dun, pumaikot dun, o susuong dun, walang problema; nakakapit ang angkla. Yan nga ang nangyayari kapag ang mga bagyo ng buhay ay nagsisimulang ligligin tayo. Tayo man ay susuong dun, tayo man ay pumaibabaw dun, pumailalim, pumaikot, pero hayaan n'yo lang ang angkla na nakakapit mismo sa loob ng tabing, doon sa bagay na di-nakikita. Di man natin alam kung saan eksakto 'yun, pero 'yun nga'y nakakapit.

75 Gaya ng isang munting batang lalaki, alam n'yo, na may saranggola. Narinig n'yo na 'yung matandang salawikain, 'yung kuwento. Sabi, "Paano mong alam na may saranggola dun sa kabilang dulo roon?"

Sabi, "Nararamdaman ko kasi 'yun na humahatak."

76 Kaya, ganoon 'yun. Kung nararamdaman natin ito na humahatak, na ang Diyos ay nakiki-ugnay sa ating mga puso, kung ganoon ay alam natin na ang ating angkla'y nakakapit pa rin.

77 Sa pagkakaalala ko si Benjamin Franklin 'yung nakapagsilid ng kidlat sa loob ng garapon, na nakahigop ng kidlat, elektrisidad. May kung anong bagay sa loob niya na tumawag, at nagsabi, "May puwersa riyan. Puwersa na maaaring gamitin." At kung napakalakas nun, na kayang patamaan ang mga kalsada't pasambulatin ang mga punongkahoy, pabukahin ang lupa, ano kaya ang higit pang magagawa nito kung ito'y magamit? Magliliwanag ito, at kikislap, at tatama sa buong kalupaan. At si Benjamin Franklin, sa pagkakaalala ko, nangangawil noon gamit ang saranggola niya, na may susi na nakatali sa dulo nung buntot nun, at may garapon sa ilalim nun. At noong makuha niya 'yun, hindi niya alam kung ano 'yung nakuha niya, pero bigla nga siyang napasigaw, "Nakuha ko! Nakuha ko!" Hindi niya alam kung ano 'yun; hindi niya alam kung anong gagawin niya roon; pero alam niya na may bagay siya na nakuha.

At ganoon nga 'yun sa bawat tao na ang kanyang:

> Mga pag-asa'y nakatayo sa wala nang hihigit pa
> Kundi sa Dugo ni Jesus kalakip ang katuwiran;
> Kapag ang lahat na nasa paligid ng aking kaluluwa'y humantong na sa pagkabulid,
> Haya't Siya ang mananatili kong pag-asa at saligan magpakailanman.

Kay Cristo, sa matatag na Bato, ako nakatayo;
Ang lahat na ng iba pang tayo ay buhanging gumuguho.

78 Kapag ang tao'y naipanganak na muli, dadako nga ang Espiritu Santo sa lugar Nito sa puso niya. Hindi mahalaga kung kabataan pa lang, o bata pa, o di nakapag-aral, kahit na gaano pa; wala ngang makapagpapaliwanag nito, kaya huwag kayong malungkot kung kayo'y di nakapag-aral. Hindi n'yo ito maipapaliwanag. Walang tao ang nakapagpaliwanag nito kailanman, kahit na gaano pang maalam o gaano pang katalino. Ito'y Sariling lihim mismo ng Diyos. Pero kapag ang Salita na 'yun ay magdadala ng Buhay sa inyong puso, at makikita n'yo Ito, makasisigaw nga kayo ng, "Nakuha ko Ito!" Hindi n'yo malaman kung anong gagawin n'yo Rito; hindi n'yo alam kung anong gagawin Nito sa inyo; pero alam n'yo na may bagay na nangyari, at nakuha n'yo Ito.

79 Ngayon, kaya naman, sa Salita! Ang ganda nito. Ngayon kinakaharap natin sa umagang ito, at nasa harapan natin, na maituturing, sa opinyon ko, na isa sa pinaka mahalagang teksto ng Lumang Tipan. *Pagkikita Ni Joseph* (atin itong ipapangusap) *Sa Kanyang Mga Kapatid*. Nasa sandaan na iba't ibang paraan na madadakuan ito ng Espiritu Santo at ihahayag ito sa ating mga puso at isip. Mangyari nga, na sa pagbubulay ko ukol dito, yamang ilang araw na ito rito, mangungusap tayo nang kaunti lang sa umagang ito, dahil sa pag-igting sa lalamunan ko, at pagkatapos ay itutuloy na lang natin uli mamayang gabi kung ang pastor ay walang anumang bagay sa kanyang puso, at marahil ituluy-tuloy ito at tapusin ito sa Lunes ng gabi, kung 'yun ang ilalaan na pamamaran ng Diyos ukol dito.

80 Ngayon, alam na alam nating lahat ang mga katangian ng Lumang Tipan, kung papaanong, "Ang lahat ng mga lumang bagay ay isang anino," Mga Hebreo 11, "isang anino ng mga bagay na parating." Napakaganda nga nun, ganoon nga na pauna itong ipinapakita ng Diyos!

81 At kapag nararamdaman natin ang anino na ito, gaya nga nun, alam natin na may kung anong bagay sa likod nun. Na . . . ang Diyos, sa Kanyang sukdulang kapangyarihan, sa Kanyang dakila't walang hangganang isipan, na nakikita ang bagay na napipintong mangyari, ay nagagawa Niyang magbabala ukol dito. Nagagawa Niyang paglakipin na kumilos ang lahat ng bagay, maging ang galit ng tao, para papurihan Siya, maging sa isang tao na ang trato sa inyo ay masama. At dadako tayo, nang kaunti, kung loobin ng Panginoon, kung papaanong trinato si Joseph ng kanyang mga kapatid nang masama, at Kanyang ibinuwelta, at kinuha 'yun at ibinunsod na mapapurihan Siya nun. Kaya, walang bagay tayo na dapat ikapag-alala, maski anong bagay.

82 Ganoon na lamang na ang Diyos, sa pamamagitan ng binatilyong 'yun, ay paunang ipinakita ang pagparito ng Panginoong Jesus sa unang pagkakataon, at ang pagparito ng Panginoong Jesus sa ikalawang pagkakataon, at pinakilos 'yun sa isang buhay na walang nalalaman na anuman tungkol sa kung anong nagaganap. Amen. Hindi ba't may bagay 'yun na kumikilos sa inyo, ang makita ang kaawa-awang munting Joseph? Haya't, hindi niya alam kung anong nagaganap, kung bakit dapat mangyari ang lahat ng mga bagay na 'yun. Pero ang Diyos ngang lahat 'yun, na kumikilos, paunang nagpapakita, paunang ipinapakita ang mga bagay na mangyayari.

83 Mangyari nga na mapapansin n'yo ang Salita, kung papaanong mabubuklat n'yo Ito rito at babasahin Ito sa Genesis, babasahin Ito sa gitna ng Aklat, babasahin Ito sa hulihan ng Aklat, at ang bawat Salita ay umaakma sa isa't isa nang gaya nun. At isinulat Ito nang libo-libong taon ang pagitan, ng daan-daang iba't ibang kalalakihan. Kita n'yo? Kaya, naman, makikita n'yo na ang Diyos ang lahat ng ito. Hindi kilala nung isa 'yung isa pa, o alam kung ano 'yung Aklat na isinulat, walang anuman tungkol Dito; ibang panahon, ibang kapanahunan.

84 At makikita natin, ngayon, na ang Diyos ay nakikipag-ugnay nang sadyang eksakto gaya ng ginawa Niya noon doon. Tayo lamang ay sadyang umuusad, papalapit na sa bagong taon, mula sa pag-aanino ng Luma. At kung papaanong sa pasimula, kung papaanong ang Diyos, noong makita Niya ang kasalanan na pangingibabawan ang buong mundo at pangingibabawan ang mga tao, na ganoon na lamang na ang dakilang programa'y binaluktot; hindi pinanis, hindi nilikhang-muli, kundi binaluktot lamang.

85 Kita n'yo, hindi kayang lumikha ni Satanas. Ang magagawa lang niya ay mamaluktot. Ang lahat ng nakikita n'yo, na mali, 'yan nga'y katuwiran na binaluktot. Kita n'yo? Makakakita kayo ng matandang manghuhula ng kapalaran sa lansangan, 'yun nga'y propeta na binaluktot. Kita n'yo? Kapag makakakita kayo ng masama, makakakita ng lalaki na ang pamumuhay ay di tapat sa kanyang panata sa kanyang asawang babae, 'yan nga'y katuwiran na binaluktot sa kasamaan. Gayon din naman, na makikita n'yo ang kababaihan sa lansangan, kung paano sila kumikilos at nagiging ganoon na sila, mga binibining binaluktot.

86 Dumaan ako sa Louisville, noong isang araw, ang maybahay ko't ako, at nakakita ako ng karatula sa isang bintana, kung saan napadaan kami noong kumain kami, doon sa Fifth Street. At ang nakalagay dun, "Lamesa para sa mga binibini."

87 Sabi ko, "Hindi nga pala sila nagkakaroon ng ganoong customer." hindi nga, ang isang binibini'y di magpupunta sa ganoong lugar. Kapag pupunta siya sa ganoon, hindi na siya binibini pa. Kita n'yo? Kaya, hindi sila nagkakaroon ng

ganoong kustomer, sa ilalim ng karatula na 'yun. Hindi kasi nagpupunta ang mga binibini sa ganoong lugar. Pero, kita n'yo, ang pumapasok nga sa ganoon, ay mga binibini na binaluktot. Kita n'yo? Buweno.

Ngayon, ang Diyos, dapat gawin ang lahat ng bagay para papurihan Siya!

88 Ginugunita natin ang Pasko, ang kapanganakan ng Panginoong Jesus. Pero, hindi 'yun ang eksaktong kaarawan Niya. Ang kaarawan Niya ay Abril. Dahil, malamig sa Judea, o mas malamig kapag Disyembre, kaysa rito. Kaya, napagtanto natin 'yun. Nakita n'yo 'yung litrato noong isang araw, 'yung mga tangke roon sa niyebe, at mga bagay-bagay na gaya nun, sa Judea. Maiisip n'yo ba ang mga pastol na naroon sa burol sa klima na gaya nun? Kaya, hindi nga 'yun 'yung araw. Pero ito, ang araw, hindi nga 'yun mahalaga, bagkus 'yung—'yung saloobin na mayroon tayo para sa araw na 'yun ang nagbubukod.

89 Ngayon pansinin. Pagkakita na pagkakita ng Diyos sa binhi ng babae, at kung papaanong mali ang pagkakahulugan nila roon at ang katuwiran ay nabaluktot, ang Diyos ay nagbigay ng isang pangako na sa pamamagitan ng babae na 'yun ay lilitaw ang pinagpalang Binhi. Nakukuha n'yo ba? Magkakaroon ng isang Binhi.

90 At pagkarinig na pagkarinig ni Satanas nun, na nakatayo roon, pagkarinig na pagkarinig niya rito, kumilos siya para patayin ang Binhi na 'yun. At sinubukan niyang gawin ito kay Joseph. Sinubukan niya sa lahat ng kapanahunan. At siya nga'y nananatiling laban sa pinagpalang Binhi na 'yun. Amen.

91 Nais kong isuot n'yo ngayon ang mga sumbrero n'yo ng malalim-na-pagbubulay, pansumandali ngayon. Na parang, pagsusuot ng turbante ng kaligtasan, haya't makinig kayong maigi ngayon. Heto po ang isang bagay na talagang mahalaga. At maaaring di kayo sang-ayon dito; ayos lang po. Pero, napansin n'yo ba, noong . . .

92 Nagkaroon na ng isang—isang pagbubuntis, dahil si Eba nga'y namuhay na nang di-malinis at nakagawa ng kasalanan. Saan 'yun nanggaling? Nasa Genesis 'yun. Sinisikap ng mga tao ngayon na hanapin ang nawawalang ugnayan sa pagitan ng hayop at ng tao. Ito po'y kapahayagan. Ang sabi ng Biblia, na, "Dinaya ng serpiyente ang babae."

93 Sa panahon ngayon, ang buhay-hayop na maiprepresenta ng tao, at ang hayop na nakikita nila na pinakamalapit sa tao ay ang tsimpanse. Nagagawa nilang panigarilyuhin ito ng pipa, pagpedalin ng bisikleta, pagsuotin ng sumbrero, pamuwestrahin ng pagpupugay gamit 'yun. Kagaya nga ng "gee" at "haw" sa isang kabayo. Tunog 'yun. Wala itong kaluluwa. Hindi ito nakakapag-isip. Sumusunod lang ito sa pamamagitan ng tunog. Wala itong kaluluwa. Kaya haya't mayroon nga silang

nawawalang ugnayan, sa pagitan mismo rito, na hindi nila nagawang mahanap kailanman. At sa loob ng anim na libong taon ay sinubukan nilang papagsalitain ang isang tsimpanse maski kapirasong salita lang, at hindi nila magawa. Hindi nila kailanman magagawa. Pero, alam natin na buhay-hayop tayo. Tayo'y buhay-halaman, mula sa lupa.

94 Gaya ng sinasabi ko noong isang araw, sa lamay ng ating minamahal na kapatid na babae. Tayo'y kumpol mismo ng labing-anim na elemento ng lupa, ng kosmikong liwanag, at mga petrolyo, at mga bagay-bagay na pinagsama-sama. Nandito tayo noong salitain ng Diyos at sabihin, "Magkaroon," ang ating mga katawan nga. Pero, may Bagay, may isang pinaka Utak na binuo tayo sa kung ano tayo ngayon. Ginawa tayong may mga kamay at may mga bisig, at kung ano pa, hindi para wasakin tayo, pero para tayo'y mabuhay nang magpakailanman. Ang kasalanan ang gumawa ng pagwawasak. At Siya Na gumawa sa atin, na tayo nga'y walang—walang kaide-ideya na narito na pala tayo, Siya na gumawa sa atin at pinaglakip-lakip ang mga sangkap na ito na magsama-sama at ginawa tayo kung ano tayo ngayon; hindi baga't higit nga Niyang magagawa, yamang binigyan tayo ng kalayaan-sa-pagpili na tanggapin ito, at sa pamamagitan ng siya ring Salita na pinanlikha sa atin, ay nangako na Kanya tayong babangunin muli. Gaano pa nga kaya na ang lahat ng mga petrolyong ito ay mapaglalakip-lakip, at ang mga atom, at iba pa, sa . . . sa pamamagitan ng Salita ng Diyos!

95 Ngayon, sa pasimula, noong magsalita ang Diyos, at si Satanas ay nakatayo nga roon at narinig niya ito.

96 At sinusubukan ng mga tao na hanapin 'yung nawawalang ugnayan na ito. Sasabihin ko sa inyo, sa pamamagitan ng kapahayagan, kung nais n'yong tanggapin ito. Ang nawawalang persona na 'yun, sa pagitan ng hayop at ng tao, ay ang serpiyente, bago maalis sa kanya ang kanyang mga binti. Ang sabi ng Biblia, "Siya ang pinakatuso sa lahat ng mga hayop," hindi reptilya, "sa buong parang." Siya yaong dumaya sa babae, sa kanyang kagandahan, at nagbuntis ang babae. At ngayon, dahil sa ginawang 'yun, at nakikita ang kasalanan na dumarating, naglagay ang Diyos ng sumpa sa kanya hanggang sa di na kailanman makahagilap ang siyensiya ng anumang kaugnayan sa pagitan ng serpiyente na ito, at ng tao, gaya sa pagkakaalam ngayon. Pero hayan nga ang bumagsak, na pinabababang nilalang, sa pagitan, na pinag-uugnay ang buhay-hayop na magdugtong. Hayan nga.

97 "Itinago ito ng Diyos mula sa matalino't pantas, ngunit ihahayag ito sa mga sanggol nang sa gayon ay mangatuto sila." Kita n'yo?

98 Hayan ang bumagsak n'yong persona, ang serpiyente. Ibinaba siya mismo mula sa pagiging . . . ang pinaka tuso, pinaka

dakila, pinaka maganda, na taong-tao ang itsura. At kaya dahil sa kasamaan na ginawa niya kay Eba, ibinaba siya ng Diyos sa pagiging reptilya, "Ang kanyang tiyan ang ilalakad niya, sa buong mga araw ng kanyang buhay, at alabok ang kanyang kakainin." Hayan nga ang maaaring dakuan ng siyensiya, at nabuwal nga ang kanilang puno.

99 Pansinin, ngayon, noong pagkakita na pagkakita ng babae na siya . . . ang . . . Ngayon, nadaya siya. Hindi siya ang nagdala ng kasalanan. Nadaya siya. Ang akala niya tama 'yun. Pero, "Si Adan ay hindi nadaya," ang sabi ng Biblia. Alam niya na mali 'yun, at pinagawa sa kanya ng babae na gawin ang siya ring bagay na ginawa nung hayop.

100 At isinilang ng babae ang kanyang unang anak na lalaki, na, lahat ng katangian ng diyablo'y nasa batang lalaki na 'yun. Isa siyang mamamatay-tao. Isa siyang mainggitin. Paano manggagaling 'yun sa dalisay na lahi ng Diyos? Siguradong sa diyablo 'yun nanggaling. At sa pagkagawa na pagkagawa niya rito, hayan nga na siya, ang diyablo, ay ginamit ang kanyang kasangkapan.

101 Isinilang ng babae ang ikalawa niyang anak na lalaki, na kay Adan, at doon nga'y si Abel. At, agad-agad, sinikap ng diyablo na wasakin ang matuwid na binhi. At bumaling siya at pinatay si Abel, sa simula mismo; na isang tipo ni Judas at ni Jesus. Pinatay siya sa may dambana; kung saan, si Jesus, pinatay—pinatay ni Judas si Jesus, ipinagkanulo Siya sa tatlumpung pirasong pilak at ipinagbili Siya. Buweno.

102 Pero, pansinin n'yo. Noong gawin niya 'yan, hayan nga na ang Diyos, sa isang pagtipo ni Cristo, kapwa sa kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, Kanyang ibinangon si Set para humalili sa lugar niya. Kita n'yo? At pagkatapos pinunterya na naman ng diyablo si Set.

103 Ngayon masdan. Subaybayan n'yo, bago ang pangmalawakang pagkagunaw sa baha, may mahabang talaang-angkan ng mga tao na nanggaling mula sa mga anak na lalaki ni Cain, mula sa lupain ng Nod, at sila'y mga siyentipiko, matatalino, intelihente, mga pambihirang kalalakihan. Nagagawa nga nilang pandayin ang mga metal. Nagtayo sila ng mga tahanan. Isa silang pambihirang sibilisasyon. Sinabi pa nga mismo ng Biblia at sinabi kung papaanong napapanday nila ang tanso, kung papaanong napapanday nila ang metal.

Pero, itong kabilang grupo'y mga nangingibang-bayan.

104 Pero, ang parehong grupo'y relihiyoso. Si Cain ay relihiyoso. Si Abel ay relihiyoso. At naglagay ng linya ang Diyos, na tama. Si Cain ay kasing relihiyoso ni Abel. Kapwa sila nagtayo ng dambana. Kapwa sila naniniwala sa Diyos. Kapwa sila sumasamba sa Diyos. Kapwa sila nagdala ng handog.

105 Ngayon masdan n'yo ang dalawang binhi na ito. Ang isa, lumalaban; sinisikap ng masama na wasakin ang matuwid na Binhi. At sinikap niyang patayin si Abel; nagawa nga niya, pero ibinangon ng Diyos si Set para humalili sa lugar nito. Inakala niya na nadale na niya si Jesus doon. Pagmasdan n'yo ang nagdaang mga kapanahunan, sa lahat ng dako. Siya, sa bawat dako na puntahan niya, kanyang sinusukol ang Binhi na 'yun. Kapag pinatay niya ang isa, o 'yung isa, akala niya napatay na niya Yun. At, sa wakas, kanyang—kanyang napatay si Juan Bautista, sa wakas napugutan niya ito ng ulo. Akala niya nadale na niya Siya roon, pero nalaman niya na naroon pala Siya kay Jesus. Pinatay niya ang lahat ng mga sanggol. At, si Moises; sinubukan niyang patayin si Moises. Sinubukan niya ang lahat ng paraan para wasakin ang Binhi na 'yun, at noong mapatay niya si Cristo doon sa Kalbaryo; anupa't ibinangon Siya ng Diyos muli, sa ikatlong araw, at pagkatapos Kanyang ipinadala pabalik ang Espiritu Santo para tawagin ang mga anak na lalaki't mga anak na babae tungo sa Diyos. At ang siya ring masamang, relihiyosong binhi ay inuusig ang matuwid na Binhi uli ngayon. Nakikita n'yo ba? Sinisikap nilang wasakin ang matuwid na Sanga ng Diyos.

106 Ngayon, kapwa panig, kung mapapansin n'yo, nagsimula sa Genesis, na relihiyoso ang kapwa panig. Ang isa sa kanila, ay makadenominasyon, palalo. At 'yung isa, mapagpakumbaba, lumalakad sa Espiritu, sa pamamagitan ng kapahayagan.

107 Paano nalaman ni Abel na dapat ay kordero sa halip na mga bunga ng bukirin? Dahil inihayag sa kanya ito, sa pamamagitan ng isang Makalangit na kapahayagan.

108 Sinabi ni Jesus ang siya ring bagay, noong ideklara ni Pedro na Siya'y ang Anak ng Diyos. Ang sabi Niya, "Laman at dugo'y hindi ito inihayag sa iyo, bagkus inihayag ito sa iyo ng Aking Ama sa Langit. Sa ibabaw ng batong ito. . . " Ang bato, hindi si Pedro, hindi si Jesus, kundi sa ibabaw ng Makalangit na kapahayagan. "Itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban Dito." Nakukuha n'yo ba? Makalangit na kapahayagan ito.

109 Ngayon masdan. Bawat pagpupunyagi, sa panahon, doon, sila'y nagkakaharap nang mukhaan sa mukhaan at ipinagpupunyagi ito. Tingnan n'yo noong ang Moab ay naroon sa ibabaw ng burol, at ang Israel ay naroon sa lambak. At hinihiling lang ng Israel bilang isang kapatid, ginoo, ay makiraan sa kanilang lupain, papunta sa ipinangakong lupain na ipinangako ng Diyos sa kanila; ang tanging hinihiling ay munting rebaybal sa kanilang iglesya, gaya nga nun. Nakikiraan lang sa lupain, at nangako pa nga na babayaran ang damo na sabsabin ng kanilang bakahan sa pagdaan. At dadaan sila sa daang-bayan ng hari, at ang mga bagay na gagawin nila habang

nakikiraan sila sa mga lupain, na haya't itatama nila. Pero, dahil sa inggit. . .

110 Ngayon, ang Moab, ang lupain ng Moab ay hindi pagano. Naniniwala sila sa parehong Diyos na pinaniniwalaan ng Israel, dahil sila'y mga anak na lalaki ng mga anak na babae ni Lot; ang anak na babae ni Lot na nagbuntis habang lasing si Lot, sa kanyang sariling tatay. At nagtungo sila, at sila. . .Doon nagmula ang mga Moab na ito.

111 At noong lumabas dun ang kanilang propeta, ang kanilang guro, na dayukdok sa pera, at nagpatayo ng mga dambana, pitong dambana, eksaktong dami ng dambana na kailangan sa dako roon. Heto ang Moab na namamalagi roon, ang dakila't pinong makadenominasyong lupain, na maayos na maayos at maganda ang anyo.

112 At heto ang Israel, na isang munting abang holy-roller na nangingibang-bayan dala-dala ang mga tolda, mula sa isang dako patungo sa isa pa. Sasabihin n'yo, "Holy-roller"? Sila nga, kung sila—sila'y babansagan nila, sa panahon ngayon, ay holy-roller.

113 Noong tumawid sila sa Dagat na Pula, at nagpamalas ang Diyos ng isang himala sa harapan nila, kinuha ni Miriam ang tamborin at nagsimulang hampas-hampasin ang tamborin, at tumakbo-takbo siya sa pampang, na sumisigaw at tumatalon, at sumasayaw sa Espiritu. At ang mga anak na babae ng Israel ay sumunod sa likuran niya, na tumatalon, sumisigaw, nagsasayaw sa Espiritu. At tumayo si Moises na ang kanyang mga kamay ay nakataas, marahil umaawit sa isang lingguwahe na hindi pa kailanman naririnig ninuman, isang awitin na walang makaintindi. Umawit siya sa Panginoon, sa Espiritu. Kung hindi ba't mga modernong holy-roller 'yun, hindi ko alam kung saan ako makakahanap ng ganoon. May mga tanda't mga kababalaghan sila na nakalakip sa kanila.

114 Ngayon, kung ang isinasaalang-alang lang ng Diyos ay ang pagka-pundamental, tingnan n'yo rito. Ang Moab, kung sa usaping Kasulatan, ay kasing pundamental gaya ng Israel. Mayroon siya ng lahat ng mayroon ang Israel. Mayroon siyang pitong dambana. Yun ang hinihiling ng Diyos; ang Israel ay may pitong dambana. Mayroon siyang pitong malilinis na handog. Ang Israel ay may pitong malilinis na handog. Hayan nga sina Cain at Abel, muli. Kita n'yo? Buweno. Nag-alay siya ng pitong toro. Nag-alay siya ng pitong toro. Nag-alay siya ng pitong tupang lalaki, na pumapatungkol sa. . .naniniwalang si Cristo ay darating. Nag-alay siya ng pitong tupang lalaki, pareho mismo. Kasing pundamental mismo kung ang pag-uusapan lang ay pagka-pundamental!

115 Nagtayo noon ng dambana si Cain; nagtayo si Abel ng isang dambana. Nag-alay si Cain ng isang hain; nag-alay rin si Abel ng

isang hain. Sumamba si Abel; sumamba si Cain. Pero, pinagtibay ng Diyos, pinatotohanan na si Abel ang Kanyang pinili.

116 Pinatunayan ng Diyos dito na ang Israel ang Kanyang pinili, dahil ang Israel ay mayroong sobrenatural sa kanilang kampamento. Gayong, sa kabila ng lahat ng kanilang mga pagkakamali, haya't may Haliging Apoy sila na nakasunod sa kanila. May kabayaran sila para sa Makalangit na pagpapagaling, at nagsagawa ng Makalangit na pagpapagaling; isang ahas. Mayroon silang hinampas na bato. May mga tanda't mga kababalaghan sila sa kampamento.

117 Noong dumating si Juan, isa siyang sobrenatural. Noong dumating si Jesus, 'yun nga'y sobrenatural. At ang kaaway, sa pundamental na panig, ay laging inuusig ang sobrenatural.

118 Nakikita n'yo ba ang sinisikap niyang gawin sa panahon ngayon? Siya ring bagay mismo, "Iwaksi 'yang Makalangit na pagpapagaling! Iwaksi ang mga taong ito! Wala silang anuman!" Sasabihin nung mga dignitaryo, mga matataas na tao! "Iwaksi sila!" Kapatid, wala nang iba ito kundi yaong baging, na pabalu-baluktot sa Genesis, hanggang sa makarating sa Apocalipsis.

119 Papanig nga ako sa mga holy-roller! . . .?. . .Kahit na ano pa. . .mangyari nga na wala pa akong nakikitang holy-roller. Bansag kasi 'yan na inilagay ng diyablo sa Iglesya ng Diyos, gayong hindi naman 'yun dapat naroon. Hindi sila mga holy-roller. Mga anak na lalaki't mga anak na babae sila ng Diyos, na di naiintindihan ng sanlibutan.

120 Ngayon, si Joseph ay anak ng kanyang ama, at kinalulugdan ng kanyang ama, at kinamumuhian ng kanyang mga kapatid. Ngayon pansinin, ang ganap na pagsasalarawan ng Panginoong Jesus. Nais kong pansinin n'yo kung papaanong ang Kanyang buhay ay tumitipo, sa Lumang Tipan, ang lahat ay nakatipo mismo. Magbalik-tanaw kayo roon at tingnan ang larawan; naroon ang anino, at nakikita n'yo kung ano ang positibo. Ngayon pansinin, si Joseph, yamang isang tipo ni Cristo, isang tipo ng Iglesya, tipo ng Espiritu Santo. Tipo . . . Siya ang prinsipe ng kasaganaan, kung papaano nga mismo si Cristo, kung papaano mismo ang Iglesya sa panahon ngayon.

121 Ngayon, muli, mangyari nga, na noong ipinanganak si Joseph, kinalugdan siya ng kanyang ama at ginawan siya ng balabal na may maraming kulay. Ngayon, may pitong ganap lang na kulay sa lahat ng mga kulay. Lahat ng iba pa'y gawa sa mga kulay na ito. At 'yung balabal marahil ay may mga kulay 'yun, na pitong magkakaibang kulay, guhitang kulay, doon sa balabal na ginawa ng ama. Kung mapapansin n'yo, marahil hindi pa nauunawaan ni Jacob noong panahon na 'yun, pero 'yun nga'y sumasagisag na "Isa na Ipinangako." Noong ibigay ng Diyos kay Noe ang tanda ng bahaghari, ang pitong kulay, 'yun ang

pangako, o Isang Tipan. Gumawa ang Diyos ng tipan na hindi na Niya gugunawin ang mundo sa pamamagitan ng tubig.

122 At ang tipan na 'yun ng Diyos ay dala-dala mismo kay Jacob, papunta kay Joseph. Si Abraham ang paghirang, si Isaac ang pag-aaring ganap, at si Israel ang biyaya, at si Joseph ang kasakdalan. Yun lang ang tanging isa na may mga kulay.

123 Makikita natin si Jesus na nakaupo sa Luklukan, na may mga kulay, may bahaghari sa palibot Niya, diyan sa Apocalipsis 1. Yun nga'y tipan ng Diyos sa mga tao. Si Cristo...Heto nga ito. Oh, gustung-gusto ko ngang makita n'yo ito! Si Cristo ang tipan ng Diyos sa Kanyang mga hirang. Hindi mga denominasyon; kundi si Cristo ang tipan ng Diyos.

124 Kung papaano nga na si Joseph ay kinamumuhian, gayundin si Cristo na kinamumuhian ngayon. Ayaw nilang aminin na kinamumuhian nila si Cristo, pero 'yung mga gawa nila ang patunay na kinamumuhian nga nila. Laban sila sa bawat kilos Niya; pinupuna ang Kanyang pagkilos, Kanyang mga gawa, Kanyang kamangha-manghang mga gawa. Buweno, tunay nga, narito nga sa atin si Satanas sa kampamento, rin, kaya may pakikibaka. Tunay nga. At tutukuyin nila ang mga salita ni Satanas. Pero, wala akong pakialam anuman ang ginagawa ni Satanas para—para sumubok na manlito. Ang Salita ng Diyos ay nananatiling sakdal, at ang Kanyang pangako ay ganap. Hinding-hindi ko nanaisin kailanman na pumanig sa grupong 'yun.

125 Pansinin, hayun Siya, ang Tipan. "Si Cristo'y katulad ng jaspe at batong sardio," diyan sa Apocalipsis. Yun ang pektoral na bato...ang kapanganakang bato, ang ibig kong sabihin, mula kay Ruben hanggang kay Benjamin. Yun ang aninag ng sardio at ng jaspe, habang nagpapaaninag sila na magkalakip sa ilalim ng Liwanag ng Diyos, ginawa ang tipan sa palibot ni Cristo, ang bahaghari. At ano ang pinapatungkulan nun? Si Ruben, ang pinakamatanda; si Benjamin, ang pinakabata! Mula una hanggang huli, "Siya yaong Noon, Ngayon, at Darating; ang Ugat, ang Supling ni David. Siya ang Tala sa umaga. Siya ang A hanggang Z; ang Alpha, ang Omega; ang pagpapaaninag ng Diyos mula sa pasimula ng panahon hanggang sa wakas ng panahon. Hayun siya, ang tipan ng Diyos sa Kanyang bayan.

126 At ang lahat ng ibang mga bagay na ito, si Joseph, si David, lahat ng mga propeta, sila'y mga pagpapaaninag lang. Amen. Pinapaaninag, mula sa tunay na Binhi mula sa halamanan ng Eden, hanggang sa panahon na darating Siya sa ikalawang pagkakatao, sa Kaluwalhatian, para tanggapin ang Kanyang bayan at Kanyang Iglesya. Hayun nga ito, na ang gandang pagmasdan.

127 Si Joseph, ang mga kapatid niya'y arogante sa kanya. "Kinamuhian nila siya, nang walang kadahilanan," dahil siya'y

kinasihan sa espirituwal. Nakukuha n'yo ba? Kinamuhian ni Cain si Abel, nang walang kadahilanan, dahil sa pagiging kinasihan sa espirituwal. Kinamuhian ni Moab ang Israel, nang walang kadahilanan, dahil mayroon silang Makalangit na pagpapagaling, mga tanda, mga kababalaghan, at mga himala. Kinamuhian siya, nang walang dahilan, at hindi siya pinadadaan . . .

128 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . sa asawa ng kapatid mong lalaki. Amen. [Blangkong bahagi sa teyp.]

129 Ngayon, minamahal kong mga kaibigan, nais kong ipaalala sa inyo ito, at nais kong mapatimo n'yo ito sa ilalim ng ikalimang tadyang sa kaliwa n'yo, sa tolda ng kompartimento na 'yan na tinatawag na puso.

130 Hindi kailanman, sa anumang kapanahunan o anumang panahon, na ang Diyos ay kinasihan ang isang tao, na ito'y nagtungo sa panig ng relihiyon, na mga naturingang relihiyosong mga tao ng mundo. Kailanman ay hindi siya nakiayon sa mga denominasyon. Sa tuwina, tumitindig siya laban, at laban sa mga denominasyon ng panahon, at laban sa mga kapisanan ng relihyon ng panahon. Pakitaan n'yo ako ng isang propeta, pakitaan n'yo ako na may isang beses sa buong Biblia, na may tao ang Diyos na nakiayon sa mga tinaguriang kilusan ng relihiyon noong panahon niya. Amen.

131 Maski si Elias, matapos niyang ipatayo ang paaralan ng mga propeta, aba, noong magtungo siya roon, gusto nila siyang umalis. Sabi, "Totoong gipit dito." Kita n'yo? Si Ahab at ang mga pinuno ng relihiyon noong panahon niya; inihiwalay ni Elias ang kanyang sarili, patungo sa Bundok ng Carmel.

132 Tingnan n'yo si Juan Bautista, inihiwalay ang kanyang sarili, ni hindi kailanman pumasok sa kanilang eskuwelahan, para mag-aral ng kanilang teolohiya. Anupa't, ipinadala siya ng Diyos sa ilang, para ihanda siya para sa isang gawain.

133 Yung pananamit ni Cain ay di kailanman naipasuot ang kanilang eklesiyastikal na balabal sa isang lalaki ng Diyos. Hindi magkakasya. Siyanga. Pansinin n'yo, sa mga kapanahunan.

134 At noong dumating si Jesus, hindi Niya kinonsulta ang alinman sa mga teologo, bagkus tinawag pa niya sila, "Pulutong ng mga ulupong, o mga ahas sa damuhan."

135 Kailanman ay di nakipag-ugnay ang mga alagad sa alinman sa kanilang mga denominasyon. Sila'y nasa panig ni Abel.

136 Kailanman ay di nakiayon si Joseph sa kanila. Siya'y kinamuhian at tinanggihan, sa parehong kadahilanan na ang iba sa kanila'y ganoon. Dahil, ang Diyos ay sumasakanya sa sobrenatural na paraan, at sa ibang kaparaanan kaysa kung ano Siya sa iba pa sa kanila. At kinamuhian nila siya, nang walang

kadahilanan. Kinamuhian ni Cain si Abel, nang walang dahilan. Kinamuhian ng mga kapatid si Joseph, nang walang dahilan.

137 At, ngayon, ang daigdig ng denominasyon, kahit na gaano pa silang kabantog; huhubarin ko nga ang sumbrero ko, at sasabihin, "Salamat sa Diyos para sa kanila." Pero, sa lahat ng kanilang mga dakilang pagtuturo, kanilang dakilang mga kaiglesyahan, dakilang mga bagay; sa kabila pa rin, ng lahat ng ito, ang Diyos ay tumatawag ng mga kalalakihan na mga walang kaugnayan dito, dahil hindi nga sila aayon sa sobrenatural. Hayan ang pag-usad, sa panahon ngayon; at inaayawan nila ang pag-usad na 'yan, nang walang kadahilanan.

138 Nakapakinig ako sa isang lalaki na nagsabi noong isang araw, na halos magmistulang tubig ang dugo ko sa pagkagitla, ang makapakinig nga ng isang lalaki na ganoon ang impluwensya, isang kilalang mangangaral na Baptist.

139 At sinasabi niya, na, hindi ayon sa Kasulatan para sa sinuman na sambahin ang birheng Maria. Totoo nga 'yun! Tama. Ang sabi niya na walang Kasulatan, para sambahin ang sinupamang iba maliban kay Cristo. Tama nga. Ang sabi niya, "Ang Diyos ay nakay Cristo, at sa Kanya ay naroon ang kapuspusan ng pagka-Diyos." Tama.

140 At pagkatapos, matapos ang lahat ng mainam, kahanga-hangang pagtuturo sa Kasulatan, ay babaling at magsasabi, "Kailanman ay di na nagkaroon ng himala sa mundo." Dahil mariin nga siyang laban sa Makalangit na pagpapagaling, haya't bumaling at nagsabi, "Kailanman ay di na nagkaroon ng himala matapos ang kamatayan ni Cristo. Kailanman ay walang nabuhay mula sa patay, pagkatapos ni Cristo, dahil Siya lang ang tanging Isa Na may Buhay na Walang Hanggan."

141 Pero, sinasabi ko sa inyo, na si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay sinabi sa Kanyang mga alagad na, "Humayo at ipangaral ang Ebanghelyo; pagalingin ang mga maysakit; at buhayin ang mga patay; at linisin ang mga may ketong." Yun ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad.

142 Papaano nga na may mga kalalakihan na nagiging ganoong kabulag sa relihiyon? Sila'y naging makitid ang pag-iisip dahil sa makadenominasyong mga harang at kinamuhian ang kanilang mga kapatid, nang walang kadahilanan. Nakikita n'yo ba ito? Naging lubhang makitid, naging katiting, na ginagawa nila ito dahil sa kanilang katanyagan.

143 May isang bantog na ministro sa bansa ngayon, ang tinanong kung bakit di niya tinatanggap ang bautismo ng Espiritu Santo, matapos na ipresenta 'yun ng iba pang kalalakihan na kapareho niya ng katayuan, na nagsipagtanggap ng bautismo ng Espiritu Santo. Ang sabi ba naman niya, "Maaapektuhan kasi ang pagmiministeryo ko." Kung sasabihin n'yo sa akin, anumang oras. . .

144 Marahil maaapektuhan nga ang pagmiministeryo ng isang indibiduwal, pero hindi nun maaapektuhan ang pagmiministeryo ni Jesus Cristo na kailangang ipagpatuloy. Pauusarin pa nun ang layon ng pagmiministeryo ni Jesus Cristo.

145 Pero ang sabi ng G. Doktor na ito na kailanman daw ay wala pang tao na nabangon mula sa patay. Sabi, "Alam ko na may sambunton na mga holy-roller sa bansa ngayon, na nag-aangkin na nakakita sila ng patay na ibinangon. Pero," sabi, "ah! Wala namang siyentipikong ebidensya ng anumang pagpapagaling o anupamang iba."

146 Ngayon, nakita n'yo, heto nga ito, kapatid kong lalaki at kapatid na babae. Nais kong pansinin n'yo ito nang maigi ngayon. Ang dahilan nga nito, ay ganito. Sa panahon ngayon, ang mga kalalakihan. . .

147 Sa panahon noon ng Panginoong Jesus, sa panahon noon ng Mga Tipan, noong ang mga kalalakihan ay nananampalataya sa Diyos, kapag may nababalitaan silang himala na ipinapamalas, hindi nila kailanman tinatangka na patunayan 'yun sa pamamagitan ng siyensiya. Tinatanggap nila ito. Sinasampalatayanan lamang nila ito, dahil napagkikilala nila na ganoon ang Diyos.

148 Pero, ngayon, ang mga paganong grupo'y nakapasok na sa mga kilusang relihiyon, at sobra-sobra ang pagsisikap niya na patunayan ang mga bagay-bagay batay sa siyensiya.

149 At hayaan n'yong sabihin ko ito, yamang nanggagaling ito sa Langit, sa paniwala ko, papunta sa aking puso. Wala ngang kailanman na isang panahon na maaari itong patunayan. Dahil, kung kaya mong patunayan ang Diyos, kung ganoon hindi na Siya matatanggap pa sa pamamagitan ng pananampalataya; patunay na ang tawag dun. Naniniwala tayo sa Diyos at sa Kanyang mga himala, sa pamamagitan ng pananampalataya. Tinatawag natin ang mga bagay na wala pa, na tila ba nariyan na, dahil sinabi mismo ng Diyos; kahit na ano pa ito.

150 Hindi kayang patunayan noon ni Abraham na ang daluyan ng gatas ni Sarah ay hindi tuyo. Hindi niya mapatunayan na—na 'yung mga lagusan, at kung ano pa, ay nagbuntis. Sila, siya nga'y. . .Di nila mapatunayan ang alinman sa mga ito. Hindi nila mapatunayan marahil, sa pamamagitan ng pagsusuri sa binhi, na sila'y maaaring magkaanak. Pero pinaniwalaan niya, ano't anuman, at iwinaksi ang lahat ng bagay na kontra rito, at tinawag ang mga bagay na wala, na tila ba nariyan na. Dahil, sa loob ng tabing, ang pag-asa ng Diyos ay nananangan sa Salita ng Diyos, at tinawag ang mga bagay na 'yun, siyentipiko man o hindi, "Na katotohanan, dahil sinabi mismo ng Diyos." Hayan nga.

151 Nananampalataya tayo. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay tinanggap natin ito. Pero, kung ang

kapatid, hindi sa sinasalungat siya, hindi ako naniniwala sa ganoon. Pero kung binasa lamang nung kapatid kung papaanong sina Pablo'y binato hanggang mamatay, at ang mga banal ay tumayo sa palibot niya at ipinanalangin siya hanggang sa bumalik ang buhay niya. Na si Pablo nga'y nangaral magdamag, isang gabi, at may lalaki na nalaglag mula sa itaas ng bahay at namatay, isang kabataang lalaki; at pumatong si Pablo sa ibabaw ng binatilyo, at bumalik ang Espiritu ng buhay sa kanya muli. Mangyari rin na binuhay ni Elias ang anak ng isang babae matapos mamatay ito, gayong walong-daang taon ito bago ang Pagdating ni Cristo. Mga kalalakihan, kahit wala ang pagpapala ng Espiritu Santo, ay nakagawa ng mga himala na ang mga taong ito'y takot na suungin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Naku, naku! Kalunus-lunos nga!

152 Bakit? Dahil arogante sila, at kinamumuhian nila ang kanilang kapatid, nang walang kadahilanan; katulad ni Joseph na kinamuhian, nang walang dahilan. Nakikita n'yo ba ito? Kinamumuhian siya. Hindi dahil karapat-dapat siyang kamuhian; haya't dahil, wala lang. Hindi sila naniniwala sa kanya. Nananangan siya sa ibang kalagayan.

153 At sinasabi ko ito, ngayon, dahil papaiksi na nang papaiksi ang oras natin. Sinasabi ko po ito nang may buong katapatan ng puso. Kinamumuhian nila ang Iglesya, ngayon, na may sobrenatural. Inggit 'yan. Kaunting inggit, at umiiral 'yan sa mga tao.

154 Ang mga alagad man ay mayroon nun. Nahiya sila sa kanilang mga sarili! Dahil, sampung araw bago pa, binigyan sila ng Diyos ng kapangyarihan para makapagpagaling ng mga maysakit, at makapagpalayas ng mga diyablo, at makapagpabangon ng patay. At may batang lalaki sila na may epilepsy sa harapan nila, at nabigo sila. At si Jesus, noong bumaba Siya sa bundok, at pinagaling ang batang lalaki. At tinanong nila Siya, "Bakit di po namin nagawa?" Hindi Niya sinabi, "Binawi Ko—binawi Ko kasi ang Kapangyarihan Ko." Ang sabi Niya, "Binigyan Ko kayo ng Kapangyarihan." Hayan nga na ipinapakita ko sa inyo na ipinagkaloob Niya Ito sa Iglesya, pero hindi n'yo maipapakita sa akin kung saan Niya Ito binawi. Kita n'yo? Saan ba tinapos ni Jesus ang Kanyang taimtim na Mga Salita? "Dahil sa inyong di-pananampalataya."

155 At pagkatapos, mga ilang araw lang pagkatapos, nasumpungan nila ang isang lalaki na wala sa eklesiyastikal nilang kalipunan. Narinig niya si Jesus na sinasambit ang mga bagay na ito, at nagagawa niya 'yung gawain. Nakakapagpalayas siya ng mga diyablo. At pumunta sina Pedro at Juan at sinabi sa kanya na dapat kabilang siya sa kanilang grupo o kung hindi'y hindi niya magagawa ito. "Kailangan mong sumunod sa amin at magkaroon ng kaugnayan sa amin. Kami ang iglesya, at ganoon ang dapat mong gawin!" Sinabi

niya sa kanila na asikasuhin lang nila ang sarili nilang gawain. Ayos na ayos ang kalagayan niya nang hindi naman sumasapi sa kanilang organisasyon.

156 Kaya, katulad nitong, mga taong duwag, gaya ng mayroon tayo sa panahon ngayon; na medyo, mga kilos-bata't, bata ang pag-iisip, na tatakbo at magsasabi, "Nasumpungan namin siya, at nagpapalayas siya ng mga diyablo." At ano 'yun? Naiinggit sila dahil nagagawa niya ang bagay na di nila magawa. Naging karnal sila. Ang kanilang mga mata, ng kanilang pag-unawa, ay gaya sa mga kapatid ni Joseph, hindi pa naliliwanagan, at kaya bumalik sila't nakipagdiskusyunan sa kanya, at isinumbong kay Jesus.

157 At sabi ni Jesus, "Hayaan n'yo siya." Amen. "Gumagawa siya ng mabuting gawa. Ginagawa niya ang bagay na inatas ko sa inyo na gawin, at bigo nga kayo na gawin ito." "Ang Diyos ay may kakayahan sa mga batong ito na magbangon ng mga anak kay Abraham."

158 Kaya ngayon, minamahal kong Methodist at Baptist at Presbyterian na mga kapatid, dahil iniisip n'yo na dapat dumaan 'yun sa inyong iglesya, ang Diyos nga'y may kakayahan sa mga holy-roller na ito na magbangon ng mga bato kay Abraham. Siyanga. Magkakaroon at magkakaroon Siya ng tao na gagawin ang Kanyang gawain. Siyanga. Sa lahat ng mga kabiguan at mga pagkakamali at kung-ano-pa, na nagagawa nila, ay ganoon din ang Israel na nakagawa ng ganoon ding bagay, pero ang matuwid na Binhi'y uusad at uusad.

159 Ako'y nagagalak na sabihin na isa ako sa kanila. Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ngayon, tayo'y isa sa kanila. Ako'y nagagalak para rito, hindi ba't kayo rin? Nagagalak ang puso ko, sa pagsisimula ng bagong taon na ito, na malaman na ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang biyayang kamangha-mangha, ay isinama ang aking pangalan sa Aklat ng Buhay, para bigyan ako ng kaunawaan na ako'y may kaugnayan sa piling ng Kanyang mga hirang na mga itinakwil. At, sa piling ng mga alagad, sasabihin ko nga ito, na ibinibilang kong pribilehiyo na pasanin ang kadustaan ng Kanyang Pangalan. Siyanga, po. Ako'y nagagalak na isa ako sa kanila.

160 At ngayon sisimulan natin dito kay Joseph, sa susunod na gawain, na marahil mamayang gabi o Lunes ng gabi, isa diyan, dahil tapos na ang oras natin.

161 Pero, iniibig ko Siya. Hindi ba't iniibig n'yo Siya? Siya'y kahanga-hanga. At ako'y nagagalak nang husto ngayong araw na nakakapaghawak-kamay ako sa mahabang hanay ng mga hinamak at tinanggihan, at mga kinamuhian ng mga eklesiyastiko sa buong bansa. Heto sila. Sila'y mabababa. Siyanga. Ang mga eklesiyastiko, na nangungusap nang pandaigdig, pang-edukasyon, at panlipunan na pakikipag-

usap, sila'y mataas sa kanila. At nagagalak tayo na mababa tayo. Dahil, sila na ipagpapakumbaba ang kanilang sarili, ang Diyos ay paparito sa ikalawang pagkakataon, sa Kaluwalhatian, para itaas ang Kanyang Iglesya. Hanggang sa sumapit 'yan, "Kayo'y makipaglabang masikap para sa Pananampalataya na minsanang ibinigay sa mga banal."

Manalangin tayo.

162 Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, iniisip ko lang po kung mayroong isa sa umagang ito, o marami, umaasa ako, na hindi pa kailanman natatanggap ang Cristong ito, at ang dakila Niyang mga pagpapala at dakila Niyang mga kapangyarihan. At iniisip namin, sa araw na ito, kung magagawa n'yo bang makapagpasya ngayong araw, at sabihin, "Panginoong Jesus, heto po ako. At inaasam ko na maging Iyong lingkod, nang buong puso ko, para pumanig sa daan ng mga itinakwil na kakaunti ukol sa Diyos. Nakikita ko ngayon, Panginoon, hindi nga ito sa kung ano ang ipinapangusap ng mundo; ito'y sa kung ano ang ipinapangusap ng Biblia. Hindi ito sa kung ano ang bansag sa akin ng mundo. Kinamumuhian nila ako, gaya ng ginawa nila noon kay Joseph. Kinamumuhian nila ako, gaya ng ginawa nila noon kay Abel. Kinamumuhian nila ako, gaya ng ginawa nila noon kay Juan. Kinamumuhian nila ako, gaya ng ginawa nila noon kay Daniel. Kinamumuhian nila ako, gaya ng ginawa nila noon kay Ezekiel, kay Zacarias. Kinamumuhian nila ako, gaya ng ginawa nila noon kay Jesus. Kinamumuhian nila ako, gaya ng ginawa nila sa mga alagad at sa kanila na mga sumunod sa Iyo, nang walang kadahilanan. Panginoon, ipinapanalangin ko sila."

163 Nagkaroon na ba kayo ng isang karanasan na tulad nun, na kayo'y lumabas? "At tayo'y maharlikang pagkasaserdote, isang banal na bansa, na naghahandog ng mga hain sa Diyos; na 'yun nga'y, ang mga bunga ng ating mga labi, na nagbibigay papuri sa Kanya." Magagawa n'yo bang tumayo sa gitna ng magulong mundo? Magagawa n'yo bang tumayo sa harap ng inyong amo? Magagawa n'yo bang tumayo nang may kababaan sa inyong puso, na may pag-ibig sa inyong puso, para sa mga makasalanan ng mundong ito, na ang Buhay ni Cristo'y nasa kaibuturan n'yo, at magbigay ng patotoo at papuri sa kaluwalhatian ng Diyos? Kung wala pa kayo ng ganoong karanasan, bakit di n'yo simulan ang mundo, ang buhay, ang lahat ng bagay nang panibago, ngayong araw na ito, sa pamamagitan ng pagtataas ng inyong kamay sa Kanya, at sabihin, "Ako ngayon, Panginoon, ay tinatanggap 'yan, at inaasam ko na Iyong pagkalooban ako ng bautismo ng Espiritu."

164 Ngayon, Makalangit naming Ama, ang munting Iglesya na ito sa umagang ito ay nakatayo, alam namin, pinagdidiskitahan, pinupunterya, inaapi siya ng kaaway, pinatatamaan ng palaso nito. At nananalangin po kami para sa mga makasalanang

kaluluwa na ito, Panginoon. Hindi nila namamalayan na binulag na sila ng diyos ng mundong ito.

165 Ang Iglesya, sa pangkalahatan, sa buong mundo ngayon; ang kaaway, ang mga relihiyoso, kanilang pinapatamaan sila ng bawat palaso. Pero sa kabila ng lahat ng ito, ang dakilang rebaybal ay umuusad. Libo-libong mga mapagpakumbaba't, aba, na mga napabayaang mga anak ang napapapadpad sa mga dakong ito, at nasaksihan ang Iyong mapaghimalang kamay, sila'y napuno ng Espiritu Santo. At hindi na sila sa sanlibutang ito. Sila'y mga nangingibang-bayan at mga manlalakbay. Hindi sila nakatuon sa mundo, bagkus ay hinahanap nila ang isang Bayan na parating, na ang Nagtayo at Gumawa ay ang Diyos. Nasaksihan nila ang Iyong kapangyarihan na makapagpagaling, para pagalingin ang mga maysakit, ang Iyong mga tanda't mga kababalaghan na ipinamalas sa kalagitnaan ng Iyong bayan. Dakilang mga bagay ang lumilitaw, sa kabila ng mga dako kung saan kinokondena nila ito at sinusubukang ibaba. Humakbang ang Iyong mga lingkod at nagpasimula ng isang rebaybal, at kanilang tinangay ang mga mabababa papasok sa Kaharian ng Diyos.

166 Sa kalagitnaan namin sa umagang ito, kami'y nabigyan ng pribilehiyo na makasama ang mga misyunerong narito na mga hahayo papunta sa iba't ibang mga lupain.

167 Ang isa'y, hahayo sa Israel. Oh Diyos, heto nga ito. Iyo pong ibuhos ang Iyong Espiritu, sa kanya, Panginoon. At nawa'y dakilang mga bagay ang magagawa, at maibubunsod ang mga kaawa-awang mga Judio na walang mapatunguhan na magsibalik. Nawa'y tanggapin nila ang Espiritu Santo, gaya ng mga magulang nila sa pasimula.

168 Heto ang isang kapatid na lalaki na papunta ng Cuba, hahayo sa mga isla. Iyong sinabi, "Hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo."

169 May bagay na humihila, humahatak sa puso ng mga kapatid na ito. Iiwan ang kanilang mga tahanan, ang kanilang mga mahal sa buhay, hindi iniintindi ang mga layaw at pagkakasiyahan ng mundong ito, bagkus ay hahayo sa mga tigang na lupain sa ibayo; sa ilalim ng mga tumututol, na sinusubukang pahintuin ang gawain. Pero gaya nga mismo ng isang baka na hila-hila ang karitela pabalik, na naroon ang mga kautusan na isinakay roon, at ang kaban ng tipan, kanilang iniwan ang maliliit nilang mga anak na umiiyak, at sila'y nagsitungo sa daan, umuungal, umaawit, patungo mismo sa Bato.

Pinasasalamatan Ka po namin para sa bawat ministro.

170 Nakikita namin na nakaupo sa likod sa aming kongregasyon, si Kapatid na John, sa umagang ito, rin, na taga-Alemanya. Kung papaanong lumaki siya, na mahirap. Hatak-hatak ang

isang munting karitela sa buong bansa, na ipinapangaral ang Ebanghelyo. Nagpapasalamat po kami sa Iyo para sa kanya!

171 At ang mga kabataang lalaki na ito, at ang iba pang mga ministro na nakaupo sa malapit, at lahat ng mga dumadalo. Akin ngang hinihiling, Ama, yamang naniniwala na sa oras na tulad nito, na kung ang isang lalaki o babae ay walang Cristo sa kanilang puso, ay siguradong, kanilang itataas ang kanilang kamay, gayong nakikita nila ang lahat ng katibayan ng Ebanghelyo, na Ikaw ay siya pa rin at ang Iyong Iglesya ay siya pa rin.

172 Pinasasalamatan po Kita para sa bawat isa. Dalangin ko na Iyong pagpapalain sila. At pagalingin ang kanilang mga katawan kung sila'y may sakit, at ipagkaloob sa kanila ang mga inaasam ng kanilang puso. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama, kami po'y humihiling sa Pangalan ni Jesus.

173 At habang nakayuko ang ating mga ulo, tayo po'y magnilay-nilay pansumandali. Manangan sa pananalangin, nang taimtim.

The first one to die for this Holy Ghost plan,
Was John the Baptist, but he died like a man;
Then came the Lord Jesus, they crucified Him,
He preached that the Spirit would save men from sin.

Then they stoned Stephen, he preached against sin,
They, so angry, they dashed his head in;
But he died in the Spirit, he gave up the ghost,
And went to join the others, that life-giving host.

There was Peter and Paul, and John the divine,
They gave up their lives so this Gospel could shine;
They mingled their blood, like the prophets of old, (Yun nga'y ang Binhi pa rin, na inusig.)
So the true Word of God could honest be told.

There was souls under the altar, crying, "How long?"
For the Lord to punish those who've done wrong;
But there's going to be more who will give their life's blood
For this Holy Ghost Gospel and its crimson flood.

Keeps dripping with blood, yes, it's dripping with blood,
This Holy Ghost Gospel it's dripping with blood,
The blood of disciples who died for the Truth,

This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

174 [Inihihiging ni Kapatid na Branham ang *It's Dripping With Blood*—Pat.]

175 Oh Diyos! Dumating Ka, Panginoong Jesus! Iyo pong ihulma kami ngayon habang kami'y nagpapakababa sa harapan Mo. Iyo pong alisin ang lahat ng pagsasawalang-bahala sa buhay namin, palabas ng mga puso namin, habang ang—ang katimyasan ng Espiritu'y tila binibigyang-kulay ang mga mata. Ang Diyos nga'y kinukuha ang Kanyang Salita ngayon at dinidiligan Ito. Kami'y nagagalak nang husto na Iyong isinama kami, Ama, na maging mga tagapagdala ng Ebanghelyo.

176 Idinadalangin namin ang bawat pangangailangan ng iglesya. Ipinapanalangin namin ang aming minamahal na pastor, Oh Diyos; tapat na lingkod, hindi kailanman napapagod, handang humayo sa tuwina. Ikaw po'y mangusap sa kanyang puso, ngayong araw, at ipaalam sa kanya na may dakilang gantimpala na naghihintay roon para sa mga tapat na pastor kapag nagtipon-tipon na sila roon sa ibayo sa kabilang panig kasama ang lahat ng mga tinubos.

177 Iyo pong pagpalain ang iba pang mga pastor, at ang mga misyunero, at ang mga bahagi ng Katawan ni Cristo, sa lahat ng dako. Iyo pong patawarin kami sa aming mga pagkukulang, Panginoon.

178 At ngayon kung may pangangailangan sa aming mga puso, Panginoon, Iyo po bang magagawa, habang narito Ka po, na kami'y pagpalain? Kung may karamdaman sa aming kalagitnaan, Panginoon, marahil may ilan, na naparito sa munting iglesya ngayong araw na ito, at tumanaw sila sa ibayo at nakita nila ang Kalbaryo, nakita roon na naroon ang tunay na Binhi. Na inakala ni Satanas na kaya niyang wasakin Ito gamit ang kamatayan, pero ibinangon Itong muli ng Diyos. Hindi niya talaga magagawa! Nangako ang Diyos, at ang Diyos ay nananatili sa Kanyang pangako. At bawat pangako ay totoo. Nangako Ka sa amin ng Buhay na Walang Hanggan, at aming nakamit Ito. Aming nararamdaman Ito. May kung anong Bagay sa kaibuturan namin, na kumikilos, na hindi namin maipaliwanag. Oh Diyos! Sa gitna ng kaguluhan, nararamdaman namin na may Bagay na humahatak sa ibayo, "Manatili ka lamang." Marahil tatamaan ng mga bagyo ang Binhi, ang barko'y marahil uuguyin ang ating munting bangka. Ikaw nga'y gagawa ng daan sa ibabaw, sa ilalim, sa palibot, o pasuong, sa kung anong paraan. Kaya, kami'y nakasandig mismo sa Salita, Panginoon.

179 Dalangin ko ngayon na kung mayroong may sakit sa pagtitipon, na itong Espiritung ito, na narito sa loob ng gusali ngayon, ay kikilos nang may dakilang pag-ibig, magsasabi, "Aking Anak, Ako ito. Ako ang Ama Na lumikha sa iyo. Ako

Yaong Isa Na pinaglakip-lakip ang—ang mga sangkap mula sa lupa, na bumuo sa iyo sa kung ano ka ngayon. Nagpupumilit si Satanas na manghimasok sa Aking gawa. Iyong panghawakan ang Aking pangako, anak."

180 At itong panalangin ng pananampalataya ay aking inaalay, nananampalataya na narito Ka. Iyo pong ibunsod ang Iyong mga kamay, Panginoon, na umabot sa bawat puso, at ang sakit ay umalis mula sa mga tao. Sinasaway ko ang diyablo; ang diyablo ng pang-aapi, ang diyablo ng takot, ang diyablo ng karamdaman ng lahat na uri. Iyo pong sinabi, "Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo." Sa pagkakaisa ng iglesyang ito, at ng Espiritu sa umagang ito, aming pinapalayas ang bawat kasamaan mula sa mga tao; na kami'y makausad mula rito, na malinis na, sa pamamagitan ng Hain ng Panginoong Jesus, habang mapagpakumbaba naming tinatanggap Ito.

181 Iyo pong pagpalain kami sa higit pa naming mga gagawin. Iyo pong pagpalain kami sa anumang ginagawa namin. Ikaw po'y sumama sa mga ministro at sa mga ebanghelista at sa mga misyunero, sa kanilang mga dako, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob na balang araw ay magkita-kita kami sa—sa Iyong paanan. Pagkatapos ay ilalapag namin ang aming mga tropeo. Diyos, sila nga'y mula sa iba't ibang uri. Mayroong puti, mayroong dilaw, mayroong itim. Sama-sama ang lahat, kami't magsasabi, "Panginoon, narito sila." Grabeng araw ito ng pagbubunyi! Iyo pong tulutan kami na makagawa habang araw pa, dahil pagsapit ng gabi'y wala nang sinuman ang makagagawa. Amin pong hinihiling ang mga pagpapala na ito sa—sa pinakamamahal na Pangalan ng Anak ng Diyos, si Jesus Cristo. Amen.

All things are possible, only believe;
Only believe, only. . . (Ano ito?)
All things are possible, only. . .

182 Ilan ang may pangangailangan, at makasasampalataya ngayon? Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Ngayon tinatanggap ko na."

Now I receive, now I receive,
All things are possible, now I receive;
Now I receive, now I receive,
All things are possible, now I receive.

183 Ngayon iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali ngayon. Ituloy mo lang, kapatid na babae, ang pagpipiyano, kung maaari. Tatanggapin n'yo ba Siya?

184 Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, matagal-tagal na rin akong may sakit. May bagay nga na mistula bang hindi ko mapanagumpayan. Ako'y ipinanalangin na, ng mga indibiduwal."

185 Mainam ’yan, kapatid na lalaki, kapatid na babae, pero naisip n’yo ba kung ano ito? Ito’y yaong munting pangako na ibinigay sa inyo. “Lahat ng mga bagay ay ipangyayari sa kanya na sumasampalataya.”

186 Maaari n’yo bang ihagis ’yan sa Kalbaryo ngayong umaga? Humawak lamang sa kabilang dulo rito, sa Espiritu na nagbigay nito sa inyo. Idulog n’yo mismo sa Kalbaryo, at sabihin, “Diyan nakakapit ang aking angkla. Ngayon aking tinatanggap ito, ngayon mismo. Tapos nang lahat, ngayon. Kahit na ano pa ang mangyari, ngayon mismo’y nakakapit ang aking angkla sa loob ng tabing, at aking tinanggap mismo ang bagay na hinihiling ko. Batid ko na nakamit ko na. Sinabi mismo ng Salita ng Diyos. At, Diyos, ako’y natuon po sa Iyo ngayon.” Marahil may mga alalahanin ka, problema sa pinansyal, anuman ito. Kahit na ano pa ito, iyo ngang ihagis doon sa Kalbaryo.

> Sapagkat ang lahat ng mga bagay—ang lahat
> ng mga bagay ay posible, manampalataya
> lamang.

187 Hayaan n’yong tumimo ’yan ngayon, nang sadyang kalugud-lugod. Hindi ba’t kahanga-hanga ito? Ito ’yung oras ko sa gawain. Ang Salita’y naihasik na, kita n’yo, ngayon dinidiligan na Ito ng Diyos. Hindi ba’t nararamdaman n’yo yaong pagpapa-. . .yaong nakakapawing, pagpapanariwa mula sa Presensya ng Diyos, na sadyang bumababa, dinidiligan Ito, na sinasabi, “Ngayon, heto, anak, Ako’y—Ako’y dumarating dala ang Aking Salita. Aking tinutupad ang Aking Salita. Akin Itong binabantayan, araw at gabi, at Aking dinidiligan Ito ngayon sa iyong puso. Maaari mo bang panghawakan Ako at sampalatayanan Ako?”

> Sapagkat ang lahat ng mga bagay (Ay ano?) ay
> posible, manampalataya lamang.

188 Grabe! Talagang kamangha-mangha! Ganoon na lamang kamangha-mangha, na magpakababad, na maramdaman ang tubig na bumababa sa Mga Binhi! Ano ’yun? Ang matuwid na Binhi, Ito’y inihasik sa inyong puso. Ito’y Salita ng Diyos. Yun ang Binhi. Yun ang Espiritu Santo. Ang Binhi na ipinangako ng Diyos sa pasimula. Kayo’y ang Binhi ni Abraham, sa pagiging patay na kay Cristo, at tinanggap ang Binhi ni Abraham at mga tagapagmana ayon sa pangako. Ang Espiritu Santo’y nanggaling sa Binhi ni Abraham, na pinagiging mga anak na lalaki’t mga anak na babae kayo ng Diyos.

189 Ngayon, ’yan ang Espiritu Santo na dinidiligan ang pangakong ’yun na natanggap n’yo kanina, para sa inyong kagalingan, para sa inyong kaligtasan, para sa mas mainam na paglalakad, para lumubay sa inyo ang takot, para sa anumang bagay na kailangan n’yo; para sa pagmimisyon na ’yun patungo sa mga isla, para sa pagmimisyon na ’yun sa dako ng tinubuang-

bayan ng Israel; sa inyong iglesya, sa inyong lugar, saanman ito, sa inyong tahanan. Ang Espiritu Santo 'yan na nagsasabi, "Ako Yaon. Ako'y sasama sa inyo. Umusad kayo. Pinangungunahan Ko kayo sa daan. Kayo, magpatuloy lang kayo sa pag-usad. Ako Yaon."

There's Honey in the Rock for you;
Leave your sin for the Blood to cover,
There is Honey in the Rock for you.

Maaari ba tayong tumayo.

Oh, go out to the streets and byway,
Preach the Word . . . (Mayroon ba kayong nais sabihin?)

Say to every fallen brother,
There is Honey in the Rock for you.

Oh, there's Honey in the Rock, my brother.
There is Honey in the Rock for you;
Leave your sins for the Blood to cover,
There is Honey in the Rock for you.

190 Ngayon, tumingin kayo, ayaw ko munang umalis kayo. Nais kong tingnan n'yo ang nakatayo sa tabi n'yo, makipagkamay, sabihin, "Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki," o kapatid na babae, sinuman. Bumaling lang kayo sa paligid. Ito po'y isang munting abang interdenominasyunal na tabernakulo. Tayo lamang ay nasa paglalakbay, kakaibang mga tao. Buweno.

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Take It everywhere you go.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet! (O how sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

Ngayon tumingin ang lahat sa gawi rito ngayon.

At—at the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet! (O how sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, (Precious Name!) Oh how sweet!
Hope of earth and joy . . . ( . . . ? . . . )

191 Ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo sa Panginoong Jesus. Napakalaking jubileo nga, isang malaking piging, isang pentecostal na piging sa Salita at mga bagay ng Diyos, sa Kanyang Espiritu Santo. Nais nating manalangin ng mga pagpapala ng Diyos sa mga misyunerong kapatid na hahayo ngayon sa pagmimisyon, at ingatan nawa sila ng Diyos sa paglalakbay. Nangangako kami; na kami'y mananalangin para sa inyo, kapatid na lalaki, at kapatid na babae. Ang kanilang mga maybahay, kanilang mga mahal sa buhay, isipin n'yo po ang pinagdadaanan ng mga kababaihan na 'yun. Alam ko, dahil may asawa rin ako.

192 Sa mga pastor dito, sina Kapatid na Jackson, at—at sa palagay ko nasa likuran si Kapatid na Beeler diyan, at marami pang ibang mga pastor. Si Teddy sa likuran diyan, isang batang-bata pang ministro. Marami pang iba na narito ngayon, mananalangin tayo ng mga pagpapala ng Diyos. May isang kabataang kapatid na lalaki rito, mula sa church of God, na makikipagkita sa atin mamayang hapon. Mananalangin tayo ng mga pagpapala sa kanya, na ebanghelista, sa paniwala ko. Hindi po ba, kapatid? Anong pangalan mo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Morgan."—Pat.] Kapatid na Morg-. . . ["Morgan."] Morgan, Kapatid na Morgan. Ikinagagalak kong lubos na makasama silang lahat dito!

193 At, ngayon, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo ngayon sa Kanya, at tingnan n'yo. May isang mapagpakumbabang munting kapatid na lalaki na nakatayo diyan sa likod ng gusali. May hatak-hatak siyang munting kariton, sa pagkakaunawa ko, sa buong bansa. Marami ang nakakakilala sa kanya bilang "Si propetang John." Tinatawag natin siyang "Kapatid na John," sa dako rito. Noon pa ma'y ganoon na lamang ang respeto ko sa lalaking ito. Anupa't, noong isang araw noong bumibisita ako sa ilan sa mga kaibigan ko, kina kapatid na . . . Kapatid na babaing Jimmy O'Neal, doon sa Sellersburg. Yun po ang manugang na lalaki ni Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Green. Nandito sila sa umagang ito. At nakapunta na si Kapatid na John sa tahanan nila, at sinabi nila sa akin kung gaanong katotoong Cristianong ginoo siya. At ikinuwento nila sa akin ang tungkol sa buhay niya, kung anong ikinuwento niya sa kanila, at kung papaanong sumuong siya sa mahihirap na mga pagsubok. At mahirap mismo ang pinagdaanan niya. At hihilingin natin sa kanya, sa umagang ito, kung maaari niyang pauwiin ang kongregasyong ito, at humiling ng kanyang pagpapala mula sa Diyos, para sa kongregasyong ito. Magagawa mo ba para sa amin, Kapatid na Johnny? Habang lahat kayo'y iyuko n'yo ang inyong mga ulo. At, Kapatid na John, sige't pauwiin mo na kami sa panalangin.

56-1230 Pagkikita Ni Joseph Sa Kanyang Mga Kapatid
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org